Alipato
A Journal of Basic Education
Volume 15 (2024)
ISSN: 0118-4342
Website: *https://journals.upd.edu.ph/index.php/ali*
Email: *alipato.upis@up.edu.ph*

# Panitikang Rehiyonal bilang Kaluluwa ng Bayan: Pagsusuri sa Nabubuong Imahen ng Bayan sa Modyul ng Filipino 7 ng Programang K to 12[1]

**Anna Cristina G. Nadora**
*University of the Philippines Integrated School*

## ABSTRAK

Ang Panitikang Rehiyonal ang tuon ng Araling Panitikan sa Grado 7 sa ilalim ng Programang K-12. Bilang isa sa mga unang baitang na nagpatupad ng programa, nakaranas ito ng iba't ibang hamon, partikular sa pagbuo ng modyul o kagamitang panturo para sa mga mag-aaral. Makikita sa konteksto, distribusyon ng mga akda, at anyo ng modyul sa Filipino 7 na likha ng Kagawaran ng Edukasyon ang ilang sanhi ng umiiral na imahen ng bayan na taglay ng Araling Panitikan sa Grado 7. Bilang unang antas sa Junior High School, nakatuon ang pag-aaral ng Panitikang Rehiyonal sa pagkilala ng mga mag-aaral sa kaniyang sariling pangkat at rehiyon—isang paghahanda sa pag-aaral ng Panitikang Pambansa sa Grado 8. Sa papel na ito, itinumbas ang panitikang rehiyonal sa kaluluwa ng bayan na kinikilala at binubuo ng mag-aaral sa kabuoang danas niya ng Araling Panitikan sa Junior High School. Mula sa konteksto hanggang sa paglalatag ng mga aralin kung paano tatalakayin ang mga teksto, mababakas ang imahen ng bayan na umiinog sa tatlong dominanteng tema: (1) Ang kapwa Pilipino o bayan ang pangunahing suliranin ng indibidwal; (2) Ang solusyon sa suliranin ay ang pagiging mabuti, na nakalihis sa pagiging makatwiran; at (3) Ang bayan ay pinamamayanihan ng malalaking agwat ng kapangyarihan, kung saan ang bata ay nakalugar sa posisyong walang kapangyarihan.

***Susing Salita:*** imahen ng bayan, Filipino 7, modyul sa Filipino, araling panitikan sa high school, panitikang rehiyonal

[1] Nakabatay ang modyul na ginamit sa pag-aaral sa bersiyon ng kurikulum noong 2016 na ipinatupad hanggang AT 2019-2020. Bahagi ang papel na ito ng disertasyong pinamagatang *"Pagtulay at Pagtuloy ng Bayan: Makabayang Lapit sa Pagpili at Pagbasa ng Akdang Gagamitin sa Araling Panitikan sa Junior High School"* (2022).

## Panimula

Batay sa datos ng Philippine Statistic Authority (PSA) noong 2022, tatlo sa bawat apat na Pilipinong nasa edad 5-24 na taong gulang ang pumapasok sa paaralan. Bilang isang institusyong pinagdadaanan ng mayorya ng populasyon, taglay ng batayang edukasyon ang napakalawak na saklaw ng impluwensiya. Dagdag pa rito, may tuwiran itong impluwensiya sa kamalayan ng kabataan sa isang yugto ng debelopment kung saan nagsisimula pa lamang silang tuklasin at buoin ang kanilang pananaw sa mundo. Napakalakas na potensiyal sa paghubog ng konsepto ng bayan at pagiging makabayan na mailalapat nila sa pakikilahok sa mga gampaning panlipunan.

Ang panitikang rehiyonal, bilang unang tuon ng pag-aaral ng panitikan sa hayskul ay may potensiyal na ipakilala ang kaakuhan ng bayan mula sa kaibuturan nito—ang kultura ng mga pangkat etnolingguwistiko.

Ang isa sa mahahalagang katangian ng kaakuhan ng Pilipino ay ang malawak at mayamang pagtatalaban ng iba't ibang kultura ng mga pangkat sa Pilipinas. Makikita sa talabang ito ang mga halagahan, paniniwala, prinsipyo, at danas na tumatawid sa bawat pangkat—nagsisilbing iba't ibang kulay ng sinulid na bumubuo sa isang habi. Kapag may nawala o hindi lubos na naunawaan sa mga kulturang ito, hindi rin ganap na maiintindihan ang kabuoan ng habi. Ang paglihis ng sinulid ay nakaaapekto sa buong disenyo, at ang pagkalusaw ng natatanging tingkad ng mga kulay ay maaaring magbura sa mismong disenyo ng habi.

Sa ganitong talinghaga sinisipat ng mananaliksik ang papel ng Panitikang Rehiyonal sa Araling Panitikan sa Junior High School. Subalit, taliwas sa ganitong tunguhin, nakapaloob ang paksang ito sa salimuot ng suliranin ng batayang edukasyon sa pangkalahatan at ng Araling Panitikan sa partikular. Sa halip na maitampok ang pagkakaiba-iba at pagkakapantay-pantay ng kultura, makikita sa umiiral na mga modyul ang pagtatangi sa iilang pangkat at ang malawak na agwat ng kapangyarihan.

## Suliranin

Sinasagot ng pag-aaral na ito ang tanong kung ano ang nabubuong imahen ng bayan, sa konteksto ng Panitikang Rehiyonal, batay sa modyul ng Kagawaran ng Edukasyon para sa Filipino 7. Kaugnay nito, sinuri rin ng pananaliksik ang implikasyon ng ganitong pag-iimahen sa bayan, partikular sa pagkilala sa panitikang rehiyonal bilang kaluluwa o batayang pagkakakilanlan ng bayan.

## Layunin

Upang matugunan ang tanong ng pananaliksik, kinailangang himayin ang mga teksto at sipatin ang konteksto ng mga akda sa modyul ng Filipino 7 upang mailarawan ang nabubuong imahen ng bayan. Kaugnay nito, itinakda ang sumusunod na mga partikular na layunin:

1. Ilatag ang konteksto sa pagkakabuo ng modyul;
2. Suriin ang distribusyon ng mga akda batay sa pinagmulang rehiyon;
3. Ilapat ang mga umiiral na pag-aaral at panunuri sa panitikang rehiyonal sa Pilipinas; at
4. Basahin at suriin ang akda, gayundin ang tanong sa pagtalakay ng akda na laman ng modyul.

## Rebyu ng mga Kaugnayan na Pag-aaral

Sa volume na "Peoples of the Philippines" ng *CCP Encyclopedia of Philippine Art*, tinalakay ang ilan sa mahigit isang daang pangkat na naninirahan sa Pilipinas. Ipinakilala ang bawat pangkat sa pamamagitan ng kanilang kasaysayan, wika, heograpikal na lokasyon, kabuhayan, gawi at tradisyon, at mga sining—kung saan bahagi ang panitikan bilang mahalagang bahagi ng kanilang kultura. Ayon sa introduksiyon sa seksiyon, nahahati sa tatlong pangunahing grupo ang mga pangkat etniko sa bansa. Ang unang grupo na binubuo ng mahigit 90% ng populasyon, ay ang mga pangkat na Kristiyano. Ang ikalawang grupo ay binubuo ng mga Muslim, at ang ikatlong pangkat naman ay ang mga itinuturing na cultural minority o katutubong mamamayan (indigeneous people). Bagama't limitado pa rin ang saklaw ng ensayklopidya ng CCP sa mga pangkat na may umiiral nang saliksik, nananatili itong mahalagang hakbang sa malawakang pagpapakilala sa mga pangkat sa Pilipinas. Mula rito, naipapakita ang lawak at samot-saring kultura at katangian ng mga Pilipino sa iba't ibang bahagi ng bansa. Binubuksan din nito ang posibilidad ng pag-unawa sa

imahen ng bayan na hindi nalilimata sa pananaw mula sa sentro—kung saan nagmumula ang malakas na impluwensiya ng mga publikasyon at midya. Sa pagpapakilala sa mga pangkat, makikita ang mahalagang bahagi ng kaakuhan ng kanilang pamayanan ang panitikan. Bagama't limitado ang espasyo para sa panitikan, dahil bahagi lamang ito ng pagtalakay sa sining, makikita ang mahigpit na ugnayan ng uri at nilalaman ng panitikan sa identidad ng bawat pangkat.

Maituturing na isa sa pinakamahalagang ambag sa pagtuturo ng panitikang rehiyonal sa sistema ng edukasyon ang *Filipinos Writing: Philippine Literature from the* Regions na pinamatnugutan ni Bienvenido Lumbera (2001). Ayon sa panimula ng aklat, layunin ng proyekto na magsilbing teksbuk para sa mga mag-aaral sa kolehiyo upang higit na makilala ang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng panitikan mula sa iba't ibang rehiyon. Ang bawat kabanata ay nakatuon sa isang partikular na rehiyon sa Pilipinas—kasama na ang panitikan ng Cordillera, Hilagang Luzon, Pangasinan, Pampanga, Gitnang Luzon at Katimugang Luzon, National Capital Region (NCR), Bikol, Silangang Visayas, Gitnang Visayas, Kanlurang Visayas, at Mindanao. Bawat kabanata ay sinimulan ng isang introduksiyon na tumatalakay sa kasaysayan at kaligirang pampanitikan ng partikular na rehiyon, at sinusundan ng pahapyaw na paliwanag sa esensiya sa mga akdang napiling isama sa antolohiya. Kung ihahambing sa *CCP Encyclopedia of Philippine Art*, higit na nakatuon sa panitikan ang *Filipinos Writing*. Sa pamamagitan nito, naipapakita kung paano nagkakaugnay ang mga tradisyong pampanitikan ng mga bayan sa loob ng isang rehiyon, at gayundin, kung paanong ang mga rehiyon ay nakaugnay sa isa't isa. Sa pagtalakay sa mga pinagmulan, umiiral, at papausbong na panitikan mula sa mga rehiyon, naipakikilala rin ang danas at kaakuhan ng mga pangkat. Bagama't ang orihinal na layon ng aklat ay upang gamiting teksbuk sa kolehiyo, higit na tumingkad ang esensiya nito sa pagtuturo ng panitikan sa hayskul, lalo na nang itakda ang pagtalakay ng panitikang rehiyonal sa buong taon ng Grado 7, ayon sa kurikulum ng 2010 at pinagtibay pa ng K-12 kurikulum noong 2012.

Hindi nalalayo ang layunin ng *Filipino Writing* sa inilunsad na proyekto ng mga publishing house ng tatlong unibersidad sa bansa na nagtataguyod ng panitikang nagpapakilala sa kultura at kalidad ng panitikang Pilipino. Mula sa mungkahi ni Nicanor Tiongson, inilunsad ang seryeng *Panitikan* sa tulong ng university press ng Ateneo de Manila University, De La Salle University, at Unibersidad ng Pilipinas. Nagkaisa ang tatlong unibersidad na maglimbag ng kabuoang tatlumpu't anim (36) na aklat—tiglabindalawa (12) mula sa bawat unibersidad—na pinili at kinilala bilang mahahalagang akdang dapat mabasa ng mga mag-aaral ng literatura at kulturang Pilipino (Lumbera, 2001). Nakalagay sa bawat aklat ang talang "Mula sa Pabliser," kung saan ipinaliwanag ang naging proseso ng pagbuo ng serye. Nakasaad din dito ang apat na pamantayang sinunod sa pagpili at paglalathala ng bawat aklat na kabilang sa serye.

Mababasa sa pamantayan na naglaan ng espasyo ang serye para sa mga panitikang rehiyonal upang higit na maipakilala ang yaman ng panitikan ng Pilipinas. Kaugnay nito, isinaalang-alang ng serye ang wastong pagsasalin ng mga akdang orihinal na nasa ibang wika ng Pilipinas. Mababasa sa panimulang bahagi ang mga tala sa pagsasalin, kung saan ipinaliwanag ng mga tagasalin ang pagbibigay-prayoridad na maipakilala at maging matapat sa kulturang pinagmulan ng mga akda. Sa ilang mga aklat, kalakip pa mismo ang orihinal na bersiyon ng akda sa katutubong wika.

Esensiyal na bahagi rin ng proyekto ang ikaapat na pamantayan, na lakip ng artikulong introduksiyon sa bawat aklat. Ang introduksyon ay tumatalunton sa kasaysayan at kaligirang pampanitikan at panlipunang kinaiiralan ng mga akdang kabilang sa aklat. Bukod sa paglalatag ng konteksto, ipinakilala rin ng iskolar na sumulat ng introduksiyon ang mga awtor at/o akdang kabilang sa aklat, gayundin ang pagsusuri sa kahalagahan ng mga ito sa partikular na rehiyon at sa pambansang panitikan sa kabuoan.

Ang ilan sa mga aklat na kabilang sa serye na nakatuon sa panitikang rehiyonal ay ang sumusunod:

- *Dulaang Hiligaynon* na tinipon ni Rosario Cruz Lucero at sinalin nina Ricardo Oebanda, Jr. at Rosario Cruz Lucero (1996);
- *Sarswelang Pangasinan* na tinipon ni Priscelina Legasto at isinalin nina Ma. Crisanta S. Nelmida at Erlinda Andaya (1996);
- *Marcel M. Navarra: Mga Piling Kuwentong*

*Sebuwano* na tinipon at isinalin ni Teresita Maceda (1986);

- *Siday: Mga Tulang Bayan ng Panay at Negros* na tinipon at isinalin ni Corazon Villareal (1997);
- *Kudaman: Isang Epikong Palawan na Inawit ni Usuy* na isinalin nina Edgar Maranan at Nicole Revel-Macdonald (1991);
- *Dulaang Cebuano* na isinalin sa Filipino ni Don Pagusara (1997) at tinipon at isinalin sa Ingles nina Erlinda Alburo at Resil Mojares;
- *Panulaan at Dulaang Leytenhon-Samarnon* na tinipon at isinalin ni Jaime Biron Polo (1994);
- *Maikling Kuwentong Kapampangan at Pangasinan* na tinipon at isinalin nina Lourdes Vidal at Ma. Crisanta Nelmida (1996); at
- *Silang Nagigising sa Madaling-Araw* ni Constante Casabar at isinalin ni Reynaldo Duque (1993).

Makikita sa proyekto ng *Filipinos Writing* at sa mga aklat sa serye ng *Panitikan* ng tatlong unibersidad ang pagsusumikap na basagin ang umiiral na kanon sa pagtuturo ng panitikan—isang kanong nakasentro sa mga akdang orihinal na nakasulat sa Espanyol, Ingles, Tagalog, at Filipino. Ngunit, gaya ng limitasyon ng *CCP Encyclopedia of Philippine Art,* marami pa ring mga akdang pampanitikan mula sa iba't ibang rehiyon na hindi pa natatalakay o nabibigyang-halaga. Mainam na sipatin ang *Filipinos Writing* at mga aklat sa serye ng *Panitikan* bilang hakbang sa tuluyang pagbura sa konsepto ng iisang kanon, at sa pagbubukas ng mas malayang pagkilala sa yaman ng panitikang Pilipino. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng konteksto at paliwanag sa mga akda na kabilang sa mga nabanggit na aklat. Itinatampok ng mga artikulong introduksiyon ang esensiya na ginagampanan ng mga nabanggit na akda at hindi nakatuon sa pagkakanonisa ng mga akdang napiling isama sa mga aklat. Nagsisilbi itong gabay sa pagbasa at pagsusuri, na maaaring gamitin ng mga mambabasa bilang lente sa pag-unawa hindi lamang sa mga akdang kasama sa aklat kundi maging sa iba pang akdang pampanitikan na nalikha noon at patuloy na nalilikha sa kasalukuyan.

Mapapansin rin ang hamon ng limitasyon ng pahina ng aklat sa *Sa Atong Dila: Introduction to Visayan Literature* ni Alunan (2015). Katulad ng *Filipinos Writing*, hinati ang mga kabanata ng *Sa Atong Dila* batay sa tatlong rehiyon sa Visayas. Bawat kabanata ay sinimulan ng introduksiyon na tumalakay sa kasaysayan at kaligirang pampanitikan ng mga akdang kabilang sa antolohiya. Umabot sa 699 na pahina ang aklat, at kapansin-pansin ang maliit na sukat ng font kumpara sa karaniwang ginagamit sa mga aklat. Kabilang sa hamon sa espasyo ang paglalagay ng orihinal na bersiyon ng akda kasama ang salin nito sa Ingles. Bagama't higit na makapal ito kumpara sa mga naunang antolohiya ng panitikan mula sa Visayas, maituturing pa rin—batay mismo sa pamagat—na introduksiyon pa lamang ito. Sa pamamagitan ng mga akdang napili, naipakilala ang kaakuhan ng iba't ibang pangkat etnolingguwistiko sa Kabisayaan. Sa tatlong rehiyon ng Visayas, umiiral ang limang pangunahing wika: Akeanon, Kiniray-a, Hiligaynon, Cebuano, at Waray. Bawat wikang ito ay may taglay na kasaysayang pampanitikan na nakaugat sa kasaysayan ng bawat pangkat. Sa paglalatag ng mga piling akda, naipakilala ng aklat ang natatanging kaakuhan ng bawat pangkat, gayundin ang ugnayan ng mga pangkat sa isa't isa.

Bukod dito, may artikulo rin sa panimulang bahagi ng aklat na pinamagatang *"Teaching Literature in the Mother Language."* Nakagiya ang layon ng aklat sa pagbibigay ng batis at lapit sa pagtuturo ng panitikang rehiyonal, partikular sa mga rehiyon sa Visayas. Itinampok dito ang kahalagahan ng pag-aaral ng konteksto at pagtukoy sa tono ng mga akda sa panitikang rehiyonal. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng konteksto at pagtukoy sa tono o pinagmumulang tinig ng akda, nailulugar ng mag-aaral ang kaniyang sarili bilang isang aktibong mambabasa.

Liban sa mga aklat na nagpapakilala ng panitikang rehiyonal, may mga iskolar na nanaliksik at nagsuri ng mga panitikang rehiyonal na may iba't ibang tuon. Isa na rito ang aklat ni Rosario Cruz Lucero (2007) na *Ang Bayan sa Labas ng Maynila/The Nation Beyond Manila.* Sa kaniyang pag-aaral, sinuri ni Lucero ang mga akdang rehiyonal upang maipakita ang imahen ng bayan na naiiba—kung hindi man taliwas—sa nahubog na imahen ng bayan sa sentro o Kamaynilaan. Ipinakita ni Lucero ang paraan ng paglikha ng panitikan na natatangi sa mga Pilipino sa iba't ibang bahagi ng

bansa. Makikita sa aklat ni Lucero ang paglikha ng panitikan at kultura ng mga Pilipino na may tuon sa papel ng katwiran sa pamumuhay ng mamamayan na bahagi ng bayan. Naiiba ang ganitong pagtingin sa paglikha mula sa naitatanghal na panitikan sa sentro na nililikha at sinusuri gamit ang mga dayuhang teoryang pampanitikan.

Naglatag din ng sariling teorya o lapit sa pagbasa ng panitikang rehiyonal si Lucila Hosilos (2006) sa aklat na *Interactive Vernacular ↔ National Literature: Magdalena G. Jalandoni's Juanita Cruz as Constituent.* Sa kaniyang pag-aaral, ipinaliwanag niya ang pangangailangang gumamit ng lapit na nakatuon at mahigpit na nakauganay sa buhay, kultura, at kasaysayan ng lipunang nagluwal dito.

Samantala, nakatuon naman sa ugnayan ng kasarian, kasaysayan, at nasyonalismo ang sipat ni Roderick Galam (2008) sa pagbubuo ng imahen ng nasyon mula sa kontemporanyong panitikang Iluko, sa kaniyang aklat na *The Promise of the Nation: Gender, History, and Nationalism in Contemporary Ilokano Literature.* Sinipat ni Galam ang mga akdang Iluko sa lente ng peministang nasyonalismo. Sa kabanata 1, inilatag niya ang lapit na magkasanib ang pagsusuring peminismo at nasyonalismo. Inilapat niya ang lapit na ito sa pagtalakay ng ilang akdang Iluko. Sa kabanata 2, tinutukan ni Galam ang akdang *Saksi ti Kaunggan* (1986) ni Juan S.P. Hidalgo. Sinuri niya rito ang usapin ng pagkilala sa sarili o self-determination, na kaugnay ng pagbabalik-tanaw sa kasaysayan at pagbawi sa tinatawag niyang pambansang "kaluluwa-katawan." Ang bawat kabanata ng aklat ay nakatuon sa pagsusuri ng partikular na akda o awtor, na tumatalakay sa mga paksa ng tunggaliang pang-uri, kamalayang kolonyal at patriyarkal na kamalayan, at ang naratibo ng kasaysayan tungo sa paghaharaya ng bayan.

Talaban ng rehiyon at bayan ang pokus ng aklat ni Raniela Barbaza (2017) na *An Orosipon Kan Bikolnon: Interrupting the Philippine Nation.* Nahahati ang aklat sa dalawang bahagi: ang unang bahagi ay mga artikulong tumatalakay sa bisa ng mga orosipon o kuwentong Bikolnon sa paggiit ng kaakuhang Bikolnon, habang ginagambala ang nosyon ng pagbubuo ng bayan. Sa ikalawang bahagi naman, tinipon ang ilang orosipon na may bersiyon sa orihinal na wikang Bikolnon, Ingles, at Filipino.

Maliban sa mga partikular na manunulat, may ilang mga pangkat ng mga manunulat sa iba't ibang bahagi ng bansa na bumubuo ng mga palihan at antolohiya ng malikhaing akda. Ilan sa mga organisasyon ng manunulat ay ang Ludabi sa Cebu, Karyapa sa Bohol, Davao Writers Guild, at iba pa.

Katuwang ng mga pangkat ng manunulat na ito ang iba't ibang sentro ng pananaliksik sa iba't ibang rehiyon gaya ng Cordillera Studies Center, Kapampangan Studies Center, Cebuano Studies Center, MSU University Research Center, Ateneo de Naga University Press, at iba pa. Sa Mindanao, nagkaroon na rin ng mga programang ukol sa panitikan at kultura tulad ng *Sikamin Luman: Bagong Panitikan ng Katutubong Mindanao* at *Mindanawon Initiatives for Cultural Dialogue 2005*, na parehong nakatuon sa pagpapakilala at pagpapatatag ng katutubong tinig mula sa rehiyon. Gayundin, naglunsad ng mga proyekto ang mga pambansang institusyon gaya ng National Center for Culture and the Arts (NCCA) at Cultural Center of the Philippines (CCP) upang itaguyod ang panitikang rehiyonal. Ilan sa mga proyektong ito ay ang *Ubod New Authors' Series* ng NCCA at ang *Ani* ng CCP.

Mahalaga ang pananaliksik sa mismong rehiyong kinalulugaran ng mag-aaral upang matuklasan ang mayamang batis ng sariling panitikang rehiyonal.

## Metodolohiya

Pagsusuri ng teksto o *textual analysis* ang pangunahing metodong ginamit sa pag-aaral na ito. Binasa at sinuri ang mga piling akdang pampanitikan at ang bahagi ng aralin na naglalaman ng mga tanong sa talakayan upang masipat kung paano iginigiya ng aralin ang pag-unawa at pagtalakay sa mga teksto.

Dagdag dito, inilatag din ang kontekstong nakaimpluwensiya sa pagkakabuo ng modyul. Dahil layon ng pag-aaral na itampok ang pagkakaiba-iba ng kultura ng mga pangkat ng Pilipino, sinipat din ang distribusyon ng mga akda batay sa pinagmulan nitong rehiyon at maging ang kasarian ng mga manunulat. Sa pamamagitan ng mga ito, naipakikita ang lawak ng saklaw ng mga danas na nabibigyang-tinig sa modyul.

## Pagtalakay

### *Limitasyon ng Modyul batay sa Konteksto, Anyo, at Katangian*

Sa mabilisang implementasyon ng Programang K-12, ang dalawang baitang na higit na naapektuhan ay ang Grado 1 at Grado 7. Sa ilalim ng programang ito, unti-unting

ipinatupad ang bagong kurikulum sa bawat baitang sa elementarya at hayskul kada taon, na nagsimula sa Grado 1 at 7. Ilang buwan bago ang pagbubukas ng klase sa akademikong taong 2012-2013, isinagawa ang mabilisang pagbuo ng kurikulum, paghahanda ng mga modyul na gagamiting pangunahing materyal sa pagtuturo, at pagsasanay sa mga guro.

Isinagawa ang *Training of Trainers* noong unang kwarter ng 2012, ilang araw bago ang opisyal na pagbubukas ng klase. Sa ganitong konteksto, higit na tumingkad ang esensiya ng mga modyul bilang pangunahing materyal na gagabay sa mga guro sa transisyon ng pagtuturo sa bagong balangkas ng kurikulum. Dagdag pa rito, makikita ang kagipitan ng panahon sa proseso ng pagbuo at pagpapayaman ng modyul para sa Grado 7, dahil sa agarang pangangailangan ng magagamit na materyal para sa implementasyon ng programa. Makikita rin ang malaking epekto ng kontekstong ito sa paghihiwalay ng nilalaman ng kurikulum at ng balangkas ng mismong modyul para sa Grado 7.

Batay sa kurikulum, nahahati ang bawat markahan na nakatuon sa partikular na pagkakahati ng kapuluan ng Pilipinas.

Makikita sa paulit-ulit na paggamit ng mga terminong tulad ng "salamin," "repleksiyon," at "larawan," gayundin sa pag-ulit ng parehong diwa sa pamantayang pangnilalaman gamit ang abstraktong konsepto ng "pag-unawa sa akda," ang kawalan ng malinaw na direksiyon sa kurikulum. Ipinapahiwatig ng ganitong konstruksyon ang limitadong pananaw—isang umiiral na pagkilalang mula sa punto de bistang tagalabas—na hindi tiyak kung ano ang mga katangiang mahalagang maipakilala sa mga mag-aaral.

Para sa mga guro at, higit lalo, sa mga mag-aaral na mula sa iba't ibang rehiyon ng bansa, ito ay isang malaking hamon, paano nila matutukoy ang nabubuong imahen sa "salamin," "repleksiyon," at "larawan" ng kanilang kapwa Pilipino sa ibang bahagi ng bansa? Higit pa rito, isang mahalagang hamon ang mismong pagkilala sa sarili—bilang mamamayan mula sa

**Talahanayan 1**

*Ang mga Tema ng Grado 7 ayon sa Kurikulum*

| Markahan | Tema | Pamantayang Pangnilalaman | Pamatayang Pagganap |
|---|---|---|---|
| Una | Mga Akdang Pampanitikan: Salamin ng Mindanao | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan sa Mindanao. | Naisasagawa ng mag-aaral ang isang makatotohanang proyektong panturismo. |
| Ikalawa | Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan | Naipamamalas ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Kabisayaan. | Naisusulat ng mga mag-aaral ang sariling awiting-bayan gamit ang wika ng kabataan. |
| Ikatlo | Panitikang Luzon: Larawan ng Pagkakakilanlan | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Luzon. | Naisasagawa ng mag-aaral ang komprehensibong pagbabalita (news casting) tungkol sa kanilang sariling lugar. |
| Ikaapat | Ibong Adarna: Isang Obra Maestra | Naipamamalas ng mga mag- aaral ang pag-unawa sa Ibong Adarna bilang isang obra maestra sa Panitikang Pilipino. | Naisasagawa ng mga mag-aaral ang malikhaing pagtatanghal ng ilang saknong ng koridong naglalarawan ng mga pagpapahalagang Pilipino. |

*Tala.* K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum Mayo 2016

partikular na bahagi ng Pilipinas. Paano sila nakikilala ng bayan sa mga akda at sa pagtalakay nito sa mga aralin? Paano nila higit na nakikilala ang sarili gamit ang mga akdang nasa modyul? At paano nila kinikilala ang kapwa at ang sarili mula sa limitadong lente ng mga bumuo ng kurikulum at modyul?

Lalong tumintindi ang suliranin kapag itinapat ang kurikulum sa aktuwal na nilalaman ng modyul. Karamihan sa mga akdang ginamit ay nalathala sa rehiyong NCR, kung saan nakabase rin ang lahat ng pabliser. Gayundin, mayorya ng mga may-akda ay mula sa parehong rehiyon. Mangilan-ngilan lamang ang mga akdang may bakas ng iba pang rehiyon sa Pilipinas. Dagdag pa rito, karamihan sa mga akda ay orihinal na naisulat sa Tagalog at Filipino.

Apektado rin ng kontekstong ito ang estruktura o anyo ng modyul. Naiiba ang presentasyon ng aralin ng modyul ng Grado 7 kung ihahambing sa ibang mga grado. Ang *Kagamitan ng Mag- aaral* o *Modyul ng Filipino 7* ay binubuo lamang ng kalipunan ng mga teksto. Lahat ng mga gawain ng mag-aaral ay nakapaloob sa hiwalay na *Gabay ng Guro*. Sa modyul ng Grado 8 hanggang 10, nakalatag ang aralin na binubuo ng mga teksto at mga gawain maaaring direktang sagutin ng mag-aaral. Ang *Gabay ng Guro* sa Grado 8 hanggang 10 ay nakatuon lamang sa pagpoproseso ng mga aralin at pagbibigay ng mga karagdagang gawain. Dahil sa limitasyon ng nilalaman ng *Kagamitan ng Mag-aaral* ng Grado 7, nakadepende ang mga mag-aaral sa guro upang matukoy ang magiging tuon ng kanilang aralin.

Upang matugunan sa pag-aaral na ito ang kahingian ng pagsusuri sa pagbasa ng teksto batay sa pagkakalatag nito sa aralin, ginamit ang ilang bahagi ng *Gabay ng Guro* para matukoy ang inaasahang daloy at tuon ng talakayan sa bawat aralin. Ang latag ng gawain sa *Gabay sa Guro* ng Grado 7 ay nahahati sa limang bahagi: (1) Panimulang Pagtataya/ Pagganyak/ Introduksiyon; (2) Presentasyon; (3) Pagpapayaman; (4) Sintesis; at (5) Pangwakas na Gawain/Pagtataya. Dahil ang mga gawain na ito ay nakatutok sa partikular na mga kasanayang itinakda sa kurikulum, tanging ang mga bahagi na may tuwirang kaugnayan sa pagtalakay sa nilalaman ng teksto ang isinailalim sa pagsusuri sa pananaliksik na ito.

Ang ginamit na lapit sa talakayan at sa mga gawaing nauukol sa teksto ang siyang nagpahina sa potensiyal na masuri at mabigyang kabuluhan ang akda. Makikita sa Apendiks ang tala ng obserbasyon hinggil sa mga gawain at tanong ukol sa bawat akda, partikular sa mga bahagi ng *Pagpapayaman* at *Pagpapalawig.* Sa huling kolum ng tala, pinagbatayan ang ilang huling gawain, lalo na sa bahagi ng *Sintesis* at *Pangwakas na Pagtataya,* upang matukoy ang tuon ng talakayan at ang inaasahang pag-unawa ng mag-aaral sa pagtatapos ng bawat aralin.

Isa sa mga epekto ng lapit sa pagtuturo ng panitikan na nakapokus sa kasanayan sa pag-unawa sa binasa (reading comprehension) ay ang pagsasantabi sa pagkilala sa katangian ng teksto bilang akdang pampanitikan. Karaniwang pumipili lamang ng isa o ilang paksa o isyu na tinatalakay ng akda, at mula rito ay binubuo ang mga gawain na tumutungo sa tiyak na mensaheng nais iparating ng aralin.

Sa ganitong lapit, hindi napapansin ang mga pamamaraan at teknik na pampanitikan na ginamit sa partikular na genre ng akda dahil nakatuon lamang ang talakayan at mga gawain sa nilalaman o tema ng akda. Bunga nito, nalulusaw ang halaga ng anyo o genre. Nagkakaroon ng iisang paraan ng pagbasa sa lahat ng akda, at sa lapit na ito ay may napili nang tunguhin at mensaheng iiwan ang aralin sa mag-aaral. Nananatiling didaktiko ang paraan ng pagbasa sa panitikan at sa modyul, sa tulong ng guro, na siyang nagtatakda ng kahulugan at kabuluhan ng akda.

Maiuugat ang ganitong paglalatag ng aralin sa pagtanaw sa edukasyong pampanitikan bilang pagsasanay ng mga partikular na kasanayan (competency). Sa kurikulum ng K–12, ang mga kasanayang ito ay ikinategorya sa walong learning domain para sa Filipino sa Junior High School: (1) Pag-unawa sa Napakinggan, (2) Pag-unawa sa Binasa, (3) Paglinang ng Talasalitaan, (4) Panonood, (5) Pagsasalita, (6) Pagsusulat, (7) Wika at Gramatika, at (8) Estratehiya sa Pag-aaral. Sa pagbuo ng modyul o teksbuk, nagsisilbing checklist ang mga kasanayang ito upang matukoy kung natutugunan ng mga gawain at talakayan ang hinihingi ng kurikulum. Samakatuwid, sa pagtugon sa kahingian ng kurikulum na nakatuon sa partikular na mga kasanayan, hindi prayoridad ang esensiya ng makabuluhang edukasyong pampanitikan.

Bukod sa pagtalakay sa anyong pampanitikan, isang esensiyal na aspekto ng pagbasa at pag-unawa sa teksto ang madalas na nalalaktawan sa mga learning domain ng kurikulum—ang konteksto ng akda. Mahalaga ang pagbibigay-diin sa konteksto, lalo na sa mga akdang mula sa panitikang rehiyonal, dahil dito inilulugar ang teksto sa kultura, espasyo, at panahon na pinagmulan nito. Nagtatalaban ang teksto at konteksto. Sa isang banda, tinutulungan ng konteksto ang mambabasa na maunawaan ang mga detalye sa akda na maaaring hindi pamilyar sa kultura ng mambabasa. Sa kabilang banda, pinagyayaman naman ng teksto ang pag-unawa ng mambabasa sa kontekstong iyon, na nagbubukas ng mas malalim na pagtingin sa kultura ng pinagmulan ng akda.

Sa kawalan ng konteksto, malaki ang posibilidad na ilapat ng mambabasa ang sariling karanasan, kultura, at pananaw sa teksto. Dahil dito, maaaring mahusgahan ang akda—at ang pangkat o rehiyong kinakatawan nito—gamit ang personal niyang karanasan mula sa sariling kultura. Sa halip na makilala ang samot-saring kulturang umiiral, mailalapat lamang niya ang sariling danas sa kultura ng ibang mga pangkat o rehiyon.

## Pangunahing mga Temang Umiiral sa Kasalukuyang Modyul

Kasabay ng pagbasa sa mismong teksto, mahalagang tingnan ang impluwensiya ng paglulugar ng teksto sa aralin—partikular ang mga gabay na tanong sa talakayan at iba pang kaugnay na gawain—para matukoy ang iginigiyang pagbasa ng guro. Bagama't taglay ng bawat akda ang mayamang posibilidad ng pagsusuri at interpretasyon, nalilimitahan ito ng disenyo ng aralin na karaniwang nakatuon lamang sa partikular na tema o mensahe.

Sa kabuoang nilalaman ng modyul, mababakas ang pag-iral ng tatlong pangunahing tema at kamalayan: (1) Ang bayan ay puno ng suliranin na dapat lutasin; (2) Ang pagiging mabuti ay mahalagang katangian ng isang mamamayan; at (3) May malinaw na agwat sa ugnayang pangkapangyarihan sa iba't ibang aspekto ng lipunan.

## *Ang Problem-Solving na Lapit sa Edukasyong Pampanitikan*

Magkasanib na umiiral ang pagtingin sa edukasyon bilang susi sa mabuting kinabukasan at ang pagtingin sa panitikan bilang tagapagsiwalat ng suliraning panlipunan. Ang magkasanib na kamalayang ito ang nakaimpluwensiya sa tila formula na atake sa pagbasa at pagtalakay ng teksto sa modyul.

Masasalamin ito sa mga gabay na tanong sa talakayan at mga kasunod na gawain, paanong itinatampok ang tila mga hakbang sa paglutas ng suliranin. Karaniwan, nagsisimula ito sa pagtukoy sa suliraning panlipunan na nakapaloob sa akda. Kasunod nito, iniuugnay ang isyu sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan upang makita o maobserbahan ang pag-iral ng suliraning ito. Mula rito, hinihikayat ang mga mag-aaral na maghinuha ng mga paraan sa paglutas ng problema, na isinasagawa sa pamamagitan ng talakayan at mga kaugnay na gawain. Sa huli, inaasahang makabubuo sila ng kongklusyon ukol sa isyung panlipunang nakapaloob sa akda.

Sa ganitong lapit, ang akda ay nagiging materyal na iimbestigahan ng mga mag-aaral. Ang pagbasa ng akda ay nakatuon sa paghahanap ng suliraning panlipunang nais isiwalat ng teksto. Sa ganitong pagbasa, may inaasahan nang daloy ng karanasan ang mga mag-aaral sa teksto—na may matutuklasan silang isyung panlipunan na maaari nilang iugnay sa kasalukuyang suliraning panlipunan.

Bagama't may kalakasan din ang ganitong lapit—dahil nailalapat ng mga mag-aaral ang kabuluhan ng akda sa kasalukuyang realidad ng mga mag-aaral—nalilimitahan naman nito ang malawak na posibilidad sa pagbasa at paglikha ng kahulugan. Higit pa rito, isang malaking balintuna ang lapit na 'paglutas ng suliranin,' lalo na kung batid ng mag-aaral na superpisyal o di-makatotohanan na nalulutas niya ang suliranin sa pamamagitan lamang ng mga gawain sa loob ng aralin.

Isang halimbawa nito ang akdang *"Sandaang Damit"* na kabilang sa isa sa mga aralin. Tungkol ito sa isang bata na gumuhit ng isandaang damit bilang paraan upang mapawi, ang kaniyang damdamin ng pagkakaiba at kahirapan sa gitna ng mga kaklase niyang nakaaangat sa buhay.

Isa sa mga paunang suliranin ng aralin ang hindi paglalagay ng kabuoang bersiyon ng akda. Ang naisama lamang sa modyul ay ang bahagi ng kuwento na tumatalakay sa isang batang gumuhit ng isandaang damit. Ang orihinal na teksto ay kuwento ito sa loob ng isang kuwento. Bukod dito, mapapansin na sa simula pa lamang ng danas sa teksto, nakagiya na ang pagbasa sa isang tiyak na suliranin—ang diskriminasyon—na iniuugnay sa konsepto ng bullying. Bagama't mahalagang mapag-usapan ang paksa ng diskriminasyon, hitik sa detalye ang akda para maikulong ito sa isang tuon lamang ng pagbibigay-kahulugan.

Bilang karagdagan, bagama't tinutukoy ang suliranin sa akda, walang bahagi sa proseso ng pagbasa ang tumatalakay sa ugat ng pag-iral ng suliranin. Kung babalikan ang halimbawa ng *"Sandaang Damit"*, inilalarawan lamang ang diskriminasyon sa pamamagitan ng pagpapakilala sa mga kaklase ng batang bida bilang mga mapanghusga, na maituturing na kontrabida. Samantala, ang batang bida ay ipinakitang kaawa-awang tauhan na biktima ng diskriminasyon. Subalit kung tutuusin, napakalakas ng batang bida sa kuwento dahil nagawa niya igpawan ang kaniyang kalagayan sa pamamagitan ng kaniyang haraya. Maaari ring tingnan ang mga kaklase bilang mga tipikal na bata na natututo mula sa kapaligiran kung paano ituring ang kanilang kapwa—mga batang hindi pa lubos na mulat sa kanilang mga aksyon, kundi naiimpluwensiyahan lamang ng mga nakapaligid sa kanila. Samakatuwid, ikinulong ng aralin ang pagbasa sa teksto upang maitampok ang isang bahagi nito nang nakahiwalay sa kabuoang akda.

Kung susuriin naman ang pagbasa sa akdang *"Impeng Negro",* nakalatag na sa simula pa lamang ng pagdanas sa teksto ng tuon sa rasismo. Ang kuwento ay umiikot sa karanasan ng isang agwador na anak ng isang Pilipina at sundalong Amerikano. Maitim ang balat ng bida, at ito ang madalas pagtuonan ng pambubuska sa kaniya.

Sa simula ng aralin, agad na inugnay ang akda sa ilang pangkat etniko at ang paglalarawan sa kanila. Pumosisyon ang aralin sa pagpapalagay na nakararanas ng rasismo ang mga pangkat etniko sa Pilipinas, partikular ang mga pangkat na piniling banggitin at isama sa gawain: Ayta, Ifugaw, Maranaw, at Badjaw. Bagama't maaaring nakabatay ito sa obserbasyon ng mga manunulat ng modyul, at ang intensiyon ay itampok ang kamalian ng di-pantay na pagtingin sa mga pangkat etniko, tila napagtibay nito ang sanhi ng suliranin: ang kakulangan ng pagkilala sa mga pangkat etnikong ito. Dahil nakatuon lamang sa paimbabaw na danas ng tauhan sa akda—kung saan naaapi si Impen dahil sa kaniyang hitsura at pinagmulan—hindi napalalim ang pag-unawa sa ugat ng suliranin, at walang pag-iingat na nailapat ang kaniyang danas sa karanasan ng mga nabanggit na pangkat etniko. Ang inaasahang solusyon sa suliranin ni Impen ay tila isinaalang-alang din bilang solusyon sa suliraning kinahaharap ng mga pangkat etniko.

Dagdag pa rito, gaya ng naging epekto ng paglalarawan sa mga kaklase ng batang bida sa *"Sandaang Damit",* ang tauhang si Ogor sa *"Impeng Negro"* ay tinukoy bilang kontrabida ng kuwento. Ang kaniyang pang-aapi kay Impen ay inilarawan bilang bunga ng masamang pag-uugali na hindi dapat tularan. Subalit, kung susuriin ang kabuoang akda, si Ogor ay bahagi lamang ng higit na malalim at mas malaking suliranin. Malaki ang pagkakaiba ng sitwasyon ni Impen sa karanasan ng mga pangkat etniko na nakararanas ng diskriminasyon. Ang ugat ng suliranin ni Impen ay mula sa mas malalim na historikal na konteksto ng kolonyal na ugnayan sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos—ang kalagayang likha ng pananatili ng mga base militar ng Estados Unidos sa bansa. Bunga nito, lumitaw ang bagong pangkat ng mga batang Pilipino na may inang Pilipina at Amerikanong sundalo na iniwan sila. Hindi lamang sila mga anak ng magkaibang lahi, kundi mga anak ng mga pamilyang pinaasa, nilinlang, at iniwan ng mga dayuhan. Sa kontekstong ito, nakararanas sila ng diskriminasyon mula sa kapwa Pilipino, habang isinasabuhay ang epekto ng patuloy na pagpapaigting ng kolonyal na kaisipan.

Kung ilalapat ang danas ni Impen sa karanasan ng mga pangkat etniko, tila mahirap ilugar kung paano iginigiit ng mga pangkat etnikong ito ang kanilang kaakuhan at kung paano sila ay hinuhusgahan dahil sa pagiging iba o itinuturing na mas mababa. Si Impen, bilang anak ng isang Pilipina at Amerikanong sundalo, ay nagsisikap hanapin ang kaniyang lugar sa isang lipunang hindi pa ganap na kinikilala ang kaniyang

uri ng pagkatao—isang uri ng pagkataong produkto ng kolonyal na kasaysayan, at bago pa lamang sa paningin ng lipunan. Sa kabilang banda, ang mga pangkat etniko ay iginigiit ang kanilang lugar sa lipunang nauna nilang kinairalan subalit tinangtanggalan ng karapatan at espasyo sa sarili nilang bayan.

Bukod sa hindi nalulutas ng aralin ang suliraning tinukoy sa akda, nagdaragdag pa ito ng bagong suliranin sa pamamagitan ng di-makatwirang paglalapat ng kahulugan ng teksto sa danas ng pangkat etniko—na pangunahing tuon dapat ng panitikang rehiyonal.

Sa isa pang halimbawang akda, mababasa sa kabanatang *"Nagsimula sa Panahon ng Yelo"* ang pagsisimula ni Nene ng mga bagong negosyo sa kanilang lugar. Mababakas sa akda ang partikular na rehiyon kung saan nakapaloob ang kuwento, kaya malinaw na naitatawid ang pamumuhay at pananaw ng mamamayan sa rehiyon na iyon. Kasabay ng pagkilala sa natatanging danas ng partikular na rehiyon, nakakaugnay din ang mambabasa sa ilang mga danas ng mga tauhan. Bukod pa rito, nabanggit sa akda ang ugnayan ng rehiyon sa Kamaynilaan, at kung paano nakaaapekto ang sentro sa takbo ng buhay at pananaw ng mga tao sa rehiyon. Napakayaman ng akda kung babasahin sa lente ng panitikang rehiyonal. Subalit kung gagamitan ng lapit na nakatuon sa paglutas ng suliranin, tila pilit na hinahanapan ng problema ang pangunahing tauhan. Halimbawa, maaaring itanong: Ano ang mabuti at masamang epekto ng kaniyang pagpapauso ng mga bagong bagay sa kanilang nayon? Bagama't pinupuri ang kaniyang pagiging malikhain at maparaan, naitatampok rin ang kahinaan ng nayon bilang isang komunidad na mangongopya, walang inisyatiba, at walang pag-asenso dahil naghihilahan pababa ang mga tao.

Sa paimbabaw na pagtukoy ng suliranin, tulad ng dalawang naunang akda, muling itinatanghal ang kontrabida sa kuwento—hindi lamang si Mr. Edwards na nanlinlang, kundi pati na rin ang mga kapitbahay na pilit ginagaya ang mga umaasenso upang maungusan sila. Ang ganitong sistema ay pinakikinabangan pa ni Mr. Edwards. Sa ganitong pagbasa, ang suliranin ay inuugat lamang sa ugali o gawi ng mga miyembro ng pamayanan, at ang solusyon ay ang pagbabago ng mga ito. Dahil paimbabaw ang pagtingin sa suliranin, naipapakita ang mamamayan sa rehiyon bilang likas na may ganitong pag-uugali. Taliwas ito sa potensiyal ng akda na maipakita kung paanong naaapektuhan ang rehiyon ng mas malawak na danas ng bansa. Sa halip na makilala ang sariling bayan bilang biktima ng pandarahas ng dayuhan at ng naghaharing uri, inilalarawan ito bilang isang lugar na likas na taglay ang mga di-mabubuting gawi na kinakailangang itama.

### *Pilipino Laban sa Pilipino*

Sa pagbasa ng akda gamit ang lapit na paglutas ng suliranin, kapansin-pansin kung paano naitatampok ang sarili bilang kalaban ng bayan. Sa ganitong pagtingin, ang kalaban ng isang Pilipino ay ang kaniyang kapwa Pilipino. Sa kuwento ng *"Sandaang Damit,"* ang batang bida ay nilalabanan ang panghuhusga ng kaniyang mga kaklase. Sa *"Impeng Negro,"* hindi lamang si Ogor ang kaaway ni Impen, kundi maging ang pamayanang humuhusga sa kaniya batay sa kaniyang pisikal na anyo at pinagmulan. Sa kuwento ni Nene, ang mga kapitbahay na tutol sa pagbabago ang itinuturing na humihila sa kaniya pababa.

### *Pilipino ang problema ng kapwa Pilipino*

Ito ang kamalayang unti-unting nahuhubog sa mga mag-aaral. Dahil walang sapat na konteksto at tanging ang paimbabaw na suliranin lamang ang tinitingnan, naipapakita ang mga isyung ito bilang likas na umiiral sa lipunan. Hindi nasusuri ang pinagmulan o ugat ng ganitong pananaw o gawi ng bayan. Sa halip, nakikilala ng mga mag-aaral ang bayan mula sa mga kahinaang ito. Ang solusyon sa mga suliranin ay ipinapakita bilang simpleng pagbabago sa "maling" pag-uugali ng mga Pilipino. Pinatitindi pa nito ang kawalang pag-asa sa paglutas ng suliranin, dahil hindi kapani-paniwala ang bisa o epekto ng mga gawain sa paglutas nito. Maaaring igiit na hindi naman literal na lulutasin ng mga gawain sa klasrum ang malawak na suliraning panlipunan. Sa halip, inaasahang sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ito ay unti-unting mahuhubog ang kamalayan ng mag-aaral. Subalit, anong uri ng kamalayan ang nahuhubog kung ang nagiging pananaw ng mag-aaral ay ang mababang pagtingin sa sariling bayan—lalo na kung ang mismong bayan ang itinuturing niyang kalaban.

Kung ilulugar pa ito sa konteksto ng pag-aaral ng panitikang rehiyonal, mas lumalabas na nakasisira, sa halip na nakatutulong, ang ganitong pananaw sa pagbubuo ng imahen ng bayan. Hindi nakapagtataka kung sa ganitong kalakaran ay patuloy na umusbong ang tunggalian sa pagitan ng mga rehiyon—kung saan ang ibang rehiyon ay itinuturing na katunggali, sa halip na kakampi.

### *Ang Patuloy na Paghahanap sa Aral ng Kabutihang Asal*

Kaugnay ng naunang lapit na paglutas ng suliranin, nakatuon ang kasunod na tema sa mga nailalatag na solusyon—ang pagiging mabuti.

Sa *"Sandaang Damit"* at *"Impeng Negro,"* binigyang-halaga ang pagtutol sa panghuhusga at pang-aapi sa kapwa. Sa *"Nagsimula sa Panahon ng Yelo,"* naipakita ang pangangailangang baguhin ang ugaling hilahan pababa (crab mentality) upang malampasan ang iba. Samantala, sa mga komiks strip ng *Pugad Baboy,* partikular sa mga araling *"Pimple," "Braces,"* at *"The Gwapings,"* itinampok ang pag-iwas sa mga di-kanais-nais na katangiang Pilipino gaya ng pagiging labis na metikuloso, ang pagkahumaling sa porma, at ang paggamit ng mga status symbol upang itaas ang tingin sa sarili. Sa pagtalakay naman sa mga sanaysay na *"Taglish: Hanggang Saan?"* at *"Kapangyarihan ng Wika, Ang Wika ng Kapangyarihan,"* binigyang-diin ang kahalagahan ng pagpapahalaga sa sariling wika. Ilan lamang ito sa mga imahen ng mabuting Pilipino na inihahain ng mga akdang pampanitikan. Ang mabuting Pilipino ay inilalarawang hindi mapanghusga, hindi nang-aapi, at hindi humihila ng kapwa pababa. Siya rin ay may pagpapahalaga sa sariling wika.

Gayunman, ang nananatiling hamon ay ang tanong: paano nga ba itinatakda ang konsepto ng 'mabuti'?

Gaya ng paimbabaw na sipat sa suliranin at ang kawalan ng pag-uugat sa sanhi nito, ang pagtatakda ng 'mabuti' nang hindi nakasandig sa konsepto ng katwiran ay nagmimistulang pagdidikta kung ano ang tama at mali. Bagama't maaaring tanggapin na mabuti ang mga katangiang naitatampok sa mga aralin, nananatiling mahalagang tanong kung sino o ano ang nagtatakda ng 'kabutihang' ito inaasahang susundin ng mag-aaral.

### *Paano naging mabuti ang itinuturong mabuti ng eskwelahan?*

Kapag hindi nasasagot ang tanong na ito, nag-mumukhang tagasunod na lamang ang mag-aaral—isang sisidlang pinaglalagyan ng mga 'kaalaman' para umayon sa umiiral na sistemang panlipunan.

Dagdag pa rito, nananatiling balituna ang mga nabanggit na mabubuting katangian kung ihahambing sa konteksto ng isang 'tiwaling' bayan—isang bayang nabanggit sa mga naunang talakay bilang pangunahing kalaban ng indibidwal. Kung gayon, lalo siyang matatalo sa laban kung isasabuhay niya ang itinuturong mabuting katangian ng paaralan.

Halimbawa, sa dalawang sanaysay na tumalakay sa halaga ng paggamit ng sariling wika, binibigyang-diin mula pa sa elementarya sa asignaturang Filipino ang kahalagahan ng paggamit ng pambansang wika. Subalit kasabay nito, namulat ang mga bata sa kapaligirang mas mataas ang pagtingin sa mga gumagamit ng Ingles. Sa maraming paaralan, ang pangunahing asignatura ay itinuturo sa wikang Ingles, na siyang ginagawang pamantayan ng 'katalinuhan' o 'tagumpay.' Dahil dito, bagama't maaaring sang-ayunan ng mga mag-aaral ang ideya ng pagpapahalaga sa sariling wika, nananatiling salungat dito ang kanilang isinasapraktika sa araw-araw.

Ang tinutungo ng aralin na malawakang pagbabago na magsisimula sa bawat mag-aaral ay napakahirap na marating kung, sa kanilang pagharap sa 'tunay na buhay,' matutuklasan nilang kailangan nilang sumunod sa agos upang mabuhay. Hangga't hindi nakikita at nauugat ang mga suliranin, hindi magkakaroon ng pagkakataon para sa pagbabago.

### *Kagandahang Asal Laban sa Katwiran*

Ang lapit sa pagtuturo ng kagandahang asal sa sistema ng edukasyon—maging sa mga naunang nailathalagang panitikan—ay maiuugat sa danas ng kolonyalismo. Dahil isa ang relihiyon sa pangunahing kasangkapan ng mga mananakop na Espanyol, nahubog ang kamalayan ukol sa pagsunod sa idinidiktang konsepto ng 'mabuti' o kagandahang asal. Kalakip nito ang kamalayan na hindi maaaring kwestyunin ang anomang idinidikta ng mga prayle. Bilang mga kinatawan ng Diyos, sila ang tinuturing na may higit na kaalaman, kaya't anomang sabihin nilang tama ay inaakalang siyang mabuti.

Sa yugtong ito ng kasaysayan, humiwalay ang kabutihan sa katwiran. Ang kabutihan ay nauugnay sa pagsunod at pagtitiwala, habang ang katwiran ay nagsusuri at nagtatanong. Ito rin ang dahilan kung bakit madalas naiuugnay ang pangangatwiran ng mga bata sa kawalan ng paggalang; tinitingnan ito bilang paghamon sa awtoridad.

Sa pagbasa ng ganitong tema sa lente ng panitikang rehiyonal, malinaw ang hamon ng paglalapat ng iisang pananaw ng 'tama' at 'mabuti' sa magkakaibang kultura—lalo na kung ang umiiral na batayan nito ay hinubog ng kolonyalismo. Matatandaang isa sa mga estratehiya ng mga prayle sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo ay ang pagtakwil sa mga sinaunang paniniwala ng mga katutubo. Ang mga diyos, diyosa, at diwata ay binansagang demonyo, diablo, o engkanto ng mga prayle. Ang mga babaylan—na siyang tagapangalaga ng espirituwalidad ng pamayanan—ay pinalitan ng imahe ng mangkukulam. Ang lahat ng galing sa katutubong kultura ay kinilala bilang mali, di-sibilisado, at kailangang baguhin.

Samakatuwid, sa pagpapalabo ng ugnayan ng katwiran at kabutihan, at sa patuloy na pagdidikta ng kung ano ang 'tama' at 'mabuti,' lalong napapaigting ang di-pantay na pagtingin at pagkilala sa iba't ibang pangkat ng mga Pilipino.

### *Pag-iral ng mga Agwat sa Ugnayang Pangkapangyarihan*

Bukod sa dalawang naunang natalakay na dominanteng tema, mababakas din mula sa distribusyon ng akda hanggang sa paglalatag ng aralin ang pamamayani ng malaking agwat sa ugnayang pangkapangyarihan.

### *Punto de Bista ng Tagalabas at Tagaloob*

Isa ang punto de bista sa maaaring paraan sa pagsasakilos ng kapangyarihan. Taglay ng punto de bista ang 'katotohanan' na naipapakita sa mambabasa. Sa konteksto ng ugnayang pangkapangyarihan, nasa pribilehiyadong posisyon ang sinomang may hawak ng punto de bista.

Sa tekstong *"Ang Ambahan ni Ambo,"* ginamit ang punto de bista ng mga tauhang tagalabas ng pamayanan upang ilarawan ang karanasan ng mga tagaloob. Maging ang pagkilala sa anyo ng ambahan bilang katutubong anyo ng pagtula ng pangkat ng Mangyan ay naging limitado dahil ibinatay ito sa pananaw ng mga tagalabas.

Dahil sa ganitong punto de bista, nakikilala ng mambabasa ang pangkat batay sa pagkakakilala ng mga tagalabas—hindi mula sa sariling tinig ng pamayanan. Nananatiling pahiwatig ang mga detalye, dahil hindi rin ganap na nauunawaan ng mga tagalabas ang danas ng mga tagaloob. Gayunpaman, sa kabila ng limitasyong ito, mababakas pa rin sa akda ang mga pahiwatig ng kolektibong danas ng mga pangkat etniko. Bagama't may tuwirang pagtukoy sa isang partikular na pangkat etniko, hindi natatangi sa kanila ang mga suliraning inilalatag sa akda—tulad ng pang-aagaw ng lupain, pandarahas, kakulangan ng batayang serbisyo, at mababang kalidad ng edukasyon at serbisyong medikal. Maging sa teksto mismo, binanggit ang mga nagkakaisang pangamba at pangangailangan ng mga katutubong pangkat.

> "Maaari kayong magpadala ng mga pangkat na magsasagawa ng imbestigasyon sa aming tunay na kalagayan," wika ng isang kinatawan ng mga Lumad sa Mindanao.
>
> "Maaari kayong sumulat at magsiwalat ng kasamaang dulot ng mga proyektong nakasisira sa kalikasan, at sumasakop sa lupaing ninuno," wika naman ng isang pinuno ng tribung taga-Kordilyera.
>
> "Maaari rin kayong magpadala ng mga manggagamot at mga guro sa aming pook upang bigyan ng lunas ang aming mga karamdaman at turuan kaming bumasa at sumulat, upang maipaglaban naming ang aming mga Karapatan," payo naman ng isang tagapagsalita ng mga Mangyan. *(Kagamitan ng Mag-aaral Baitang 7, 2014: 25)*

Makikita sa sipi ang ilang alalahaning tumatawid sa iba't ibang pangkat mula sa pinakahilaga hanggang sa pinakatimog ng kapuluan. Bukod sa pangkalahatang danas ng mga pangkat etniko, kapansin-pansin din ang pangkalahatang pagtingin ng mga tagalabas hinggil sa desisyon ng mga magulang ng pangunahing tauhan na maglingkod sa mga pamayanang nasa kanayunan.

Mababakas sa sumusunod na sipi ang ilang dominanteng pananaw: ang pagtingin sa Amerika bilang lupain ng pag-asa; ang pagtrato ng pamahalaan sa mga naninirahan sa kabundukan bilang mga rebelde; ang paniniwala na ang edukasyon ay isang puhunan; at ang pananaw na ang trabaho ay pangunahing paraan ng pagpapabuti ng pansariling interes.

> "Bumalik na lang kayo sa Isteyts, alang-alang sa mga anak n'yo! Tutal sa Amerika kayo nag-aral at

nagkaanak, kaya sanay na kayo sa buhay isteytsayd!"

"Naku, kailangan daw ngayon ang mga doctor at titser sa US, Saudi, at Canada! Aplay na kayo! Sabay-sabay na tayong umalis! Wala ba yatang pag-asa itong bayan natin!"

"Ano? Medical mission naman sa mga tribu? Mapagkamalan ka pang isang rebelde, kasi gusto mong tumuling sa mahihirap! Tingnan mo ang nangyari kay Dr. Bobby de la Paz at Dr. Johnny Escandor!" Alam ni Pete kung sino ang tinutukoy nila. Mga bayaning doctor na nangasawi habang nanggagamot sa mahihirap sa kanayanunan.

Pinagbintangan silang mga kasapi ng kilusang rebelde.

"Ano'ng mapapala n'yo sa bundok? Malarya. At ano'ng ibabayad sa iyong paggagamot? Manok, gulay, o kaya'y Diyos-na-lang-po-ang-bahalang-gumanti-sa-inyo!

Kelan mo pa mababawi ang daan-libong ginastos mo sa pag-aaral ng medisina?"

Ha? Ipinagpalit mo ang pagiging propesor sa UP sa pagtuturo sa mga taong nasa bundok, at wala ka pang sweldo?"
*(Kagamitan ng Mag-aaral Baitang 7, 2014: 25-26)*

Kasabay ng limitasyon sa punto de bista, kapansin-pansin din sa tindig ng mga tagalabas. Bagama't nakikiisa sila sa dinaranas ng mga miyembro ng pamayanan, hindi sapat ang kanilang danas upang masagot ang mga tanong ng mga tao—partikular kung bakit nila piniling tumulong sa komunidad. Habang kongkreto at makatwiran ang mga punto ng mga taong nagtatanong, hindi makapagbigay ng malinaw at tiyak na tugon ang mga magulang ng pangunahing tauhan hinggil sa pinanggagalingan ng kanilang pagnanais na makiisa at dumamay sa kanilang mga kababayan.

Ngunit nangingiti na lamang ang mag-asawa. Malalim ang pagnanais nilang dumamay sa mga kababayan at kalahi nilang wika nga'y tinalikdan na ng panahon at pinabayaan na ng pamahalaan. Sa kaunting panahong nakipamuhay sila sa mga katutubong ito, nagkaroon ng bagong kahulugan ang kanilang buhay bilang manggagamot at guro.
*(Kagamitan ng Mag-aaral Baitang 7, 2014: 26)*

Higit pang tumingkad ang punto de bista ng tagalabas nang itinampok sa mga gawain ang mga natutuhan ng mga tauhan sa isa't isa, bagama't nagmula sa magkaibang kultura. Sa ganitong paglalatag, tila nalusaw ang mga suliranin at hamong dinaranas ng mga pangkat na binanggit sa akda.

### *Pamamayani ng Patriyarkal na Kamalayan*

Batay sa distribusyon ng mga akda, namamayani pa rin ang kalalakihang manunulat. Bagama't hindi nakatali sa kasarian ng manunulat ang kaniyang tindig pangkasarian, may pagkakaiba ang danas na kaakibat ng bawat kasarian. Kagaya rin ng naunang talakay sa punto de bista, nalilimitahan ng karanasan ng may-akda ang lalim at lawak ng pag-unawa sa karanasang inilalahad. Sa katunayan, may ilang aralin sa modyul na nakatuon sa usaping pangkasarian. Kapansin-pansin sa paksang ito ang dalawang bersiyon ng kuwento nina Tungkung Langit at Alunsina.

Makikita sa Talahanayan 2 na bagama't pareho ang pinagmulang kuwento, may pagkakaiba ang dalawang naratibo—lalo na sa usaping pangkasarian, na siyang matingkad na tema ng teksto. Gaya ng naunang natalakay, mahalagang konsiderasyon ang punto de bista, lalo na sa pagtatakda ng kung ano ang makikita o mararanasan ng mambabasa. Interesanteng pagtuonan ng pansin ang bersiyon na may pamagat na *"Alamat ni Tungkung Langit,"* ngunit gamit ang punto de bista ni Alunsina. Sa kabila ng pagiging pangunahing tauhan ng kuwento, hindi niya ganap na maangkin ang sariling naratibo—isang kuwentong tunay namang tungkol sa kaniya.

Bukod dito, matingkad ang kaibahan ng dalawang bersiyon, lalo na sa usapin ng pagiging magkapantay ng lalaki at babae. Sa bersiyon ng *"Kung Bakit Umuulan,"* makikitang kapwa diyos sina Tungkung Langit at Alunsina. Ang tanging dahilan ng di-pagkakapantay ng kanilang mga gawain ay ang pagnanais ni Tungkung Langit na ipamalas ang kaniyang pag-ibig sa pamamagitan ng pagsisilbi kay Alunsina. Gayunpaman, hindi niya naunawaan ang pangangailangan ni Alunsina dahil naiiba rito ang kaniyang danas. Bagama't mahal niya si Alunsina, hindi niya magawang matukoy kung ano ang hinahanap nitong kaganapan sa sarili. Ang kanilang paghihiwalay ay bunga ng pasyang ginawa ni Alunsina na umalis—isang napakabigat na desisyon sapagkat iniwan niya ang isang kumportableng buhay at ang pagmamahal ni Tungkung Langit, na pinahahalagahan din naman niya. Kinailangan niyang mamili, at pinili niyang lisanin si Tungkung Langit nang matiyak niyang hindi siya tunay na mauunawaan nito. Sa huli, si Alunsina ang siyang lumikha ng mundo at ng buhay. Nagsasaanyong ulan si Tungkung Langit upang madalaw siya.

Samantala, sa bersiyon ng *"Alamat ni Tungkung Langit,"* hinahangaan ni Alunsina ang pag-ako ni Tungkung Langit ng responsibilidad. Sa pamamagitan ng unang panauhang punto de bista, mababasa ang pagmumuni ni Alunsina ukol sa kaniyang kalagayan. Nabanggit ang mga salitang nagalit, panibugho, at napopoot. Kung sa naunang tinalakay na bersiyon ay puno ng pagtataka, ang Tungkung Langit sa bersiyon na ito ay puno ng galit sa pagkukuwestiyon at tila hindi pagkakuntento ng babae sa kaniyang posisyon. Dagdag pa rito, pinalayas si Alunsina at tinanggalan ng kapangyarihan. Ang lalaki pa rin ang may kapangyarihan. Kung si Tungkung Langit ay nagsasaanyong-ulan para dalawin si Alunsina sa unang bersiyon, mababakas sa ikalawang bersiyon ang tila pahiwatig ng pagkakasala ng babae.

Ipinahihiwatig ng paghugas ang pagiging marumi, isang bagay na kailangang linisin o hugasan. Samakatuwid, mula mismo sa punto de bista ng babae, siya ay walang kapangyarihan at may nagawang pagkakamali, kaya't tinanggap at pinanindigan niya ang pagpapalayas sa kaniya.

Makikita sa dalawang bersiyon na ito kung paanong, sa kabila ng paggigiit ng sarili, ay magkaiba pa rin ang pag-iimahen sa kababaihan—lalo na kung paano niya iniimahen ang kaniyang sarili. Maaaring isama sa konsiderasyon ang limitasyon ng danas batay sa kasarian ng awtor na sumulat. Ngunit sa kabilang banda, maaari ring taglayin ng kahit sinomang awtor, anoman ang kasarian, ang ganitong pag-iimahen sa kababaihan, lalo na kung umiiral pa rin ang ganitong kamalayang pangkasarian.

**Talahanayan 2**

*Paghahambing sa "Kung Bakit Umuulan" at "Alamat ni Tungkung Langit"*

| | Kung Bakit Umuulan | Alamat ni Tungkung Langit (muling isinalaysay ni Roberto Anonuevo) |
|---|---|---|
| Punto de bista | Ikatlong panauhan | Punto de bista ni Alunsina |
| Dahilan ng Kilos ni Tungkung Langit | Para kay Alunsina:<br>*"Tingnan mo, mahal, lilikhain ko ang santinakpan para sa iyo!" pagmamalaking sabi ni Tungkung Langit*<br>*…*<br>*Mahal na mahal ni Tungkung Langit si Alunsina kaya ayaw niya itong mapagod. Ayaw niyang gumamit ng kahit isang daliri si Alunsina upang lumikha ng kahit isang bagay* | Para sa pagtupad ng tungkulin:<br>*Napakasipag ng aking kabiyak. Umaapaw ang pag-ibig niya; at iyon ang aking nadama, nang sikapin niyang itakda ang kaayusan sa daloy ng mga bagay at buhay sa buong kalawakan.*<br>*…*<br>*Iniatang niya sa kaniyang balikat ang karaniwang daloy ng hangin, apoy, lupa, at tubig.* |

| | Kung Bakit Umuulan | Alamat ni Tungkung Langit (muling isinalaysay ni Roberto Anonuevo) |
|---|---|---|
| Paghahanap ni Alunsina ng sariling kaganapan | Pagkasawa sa kanyang kalagayan:<br>*Ngunit sawa na si Alunsina sa ganoong klaseng buhay. Naramdaman niyang parang wala siyang silbi bilang diyosa. Gusto niyang lumikha.* | Paghahanap ng kabuluhan sa pag-iral<br>*Samantala'y malimit akong maiwan sa aming tahanan, na siya ko naming kinayayamutan. Bagaman inaaliw ko ang ang sarili sa paghabi ng mga karunungang ipamamana sa aming magiging anak, hindi mawala sa aking kalooban ang pagkainip.*<br>…<br>*Ngunit kung tittig ako sa tubig, ang nakikita ko'y hindi ang sarili kundi ang minamahal na si Tungkung Langit.*<br>…<br>*Ibig kong maging makabuluhan ang pag- iral. At ang pag-iral na iyon ang sinasagkaan ng aking pagmamahal.* |
| Pagsubok ni Alunsina na igiit ang kaniyang sarili | Pagpapapansin lamang ang pagtingin dito ni Tungkung Langit:<br>*Pero hindi siya pinakinggan ni Tungkung Langit. Umalis siya at lumikha pa ng maraming bagay sa kalawakan. Akala niya ay nagpapapansin lang si Alunsina.* | Pinarusahan si Alunsina:<br>*Dahil sa nangyari, inagaw niya sa akin ang kapangyarihan ko. Ipinagtabuyan niya ako palabas sa aming tahanan* |
| Manlilikha ng daigdig | Alunsina:<br>*"Nilikha ko ang daigdig. Ang daigdig na may puno at halaman, isda at mga ibon.*<br>*Nilikha ko ang mga bundok, ang langit, ang karagatan. Nilikha ko ang buhay dahil isa rin akong diyos." At nagpatuloy si Alunsinang lumikha.* | Tungkung Langit:<br>*Pumaloob si Tungkung Langit sa daigdig na nilikha niya na laan lamang sa mga tao.*<br>*Naghasik siya ng mga buto at nagpasupling ng napakaraming halaman, damo, palumpong, baging, at punong kahoy.* |

### *Pagpukaw ng Damdamin ng Awa, lalo na sa Kalagayan ng Bata*

May diin sa kabataan ang mga tema at aralin. Sa lahat ng aralin, inuugnay ang mga talakay sa danas at perspektibo ng mga mag-aaral. Sa kabila ng pagtatampok ng ugnayan sa bata, kapansin-pansin ang pagkalugmok ng mga tauhang bata sa mga kuwento. Ang batang bida sa *"Sandaang Damit"* ay hinuhusgahan ng kaniyang mga kaklase. Si Impen ng *"Impeng Negro"* ay palaging pinag-iinitan, lalo na ni Ogor. Si Ambo sa *"Ang Ambahan ni Ambo"* ay nasa kalagayang nanganganib kasama ng kaniyang pangkat. Si Nemo sa *"Nemo, ang Batang Papel"* ay piniling muling maging papel matapos madanas ang pait ng totoong buhay bilang bata. Si Adong sa *"Mabangis ang Lungsod"* ay nabugbog dahil sa pagtangging magbigay ng pera kay Bruno. Ang anak sa tulang *"Kay Mariang Makiling"* ay iniwan ng kaniyang ina. Ang bata sa komik strip na *"The*

*Gwapings"* ay binara ng nakatatanda ukol sa di-pagkaranas ng Batas Militar at sinabihang wala siyang karapatang magbigay ng opinyon ukol dito. Sina Bototoy at Nining sa *"Pork Empanada"* ay nakakain ng panis na empanada matapos pag-ipunan ni Bototoy ang pambili nito. Si Boboy, sa *"Nagsimula sa Panahon ng Yelo"* ay iniwan din ng kaniyang ina nang piliin nitong sundan si Mr. Edwards.

Sinasapul ng mga akda—maging ng presentasyon ng mga ito sa aralin—ang damdamin ng awa sa bata. Higit na naging kaawa-awa ang batang tauhan dahil tila wala siyang kontrol sa mga nangyayari sa kaniyang paligid.

Ito ang lenteng hinubog ng modyul: ang bata ay walang kapangyarihan.

Interesanteng tingnan ang atake ng talakay sa *"Mabangis ang Lungsod."* Sa naratibo ng kuwento, nakararanas ng kahirapan at pang-aabuso si Adong. Namamalimos siya sa simbahan ng Quiapo para may makain, ngunit halos hindi pa sapat ang kaniyang kinikita para sa pangingikil ni Bruno. Sa huling bahagi ng kuwento, nagpasya siyang tumanggi at takbuhan si Bruno. Subalit nahuli siya nito at nabugbog.

Sa unang bahagi ng talakayan sa aralin, mapapansin kung paano binasa at binigyang-halaga ang naging kilos ni Adong sa kuwento.

*Pagpapayaman*

1. Ipatalakay sa mga mag-aaral ang kanilang sagot sa mga sumusunod na tanong:
    - Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento? Paano sila inilarawan sa kuwento?
    - Ano ang kaniyang kalagayan sa buhay? Bakit mo ito nasabi?
    - Sa iyong palagay, bakit inilarawan ang lungsod bilang isang mabangis na lugar? Paano mo ito nakita sa kuwentong binasa?
    - Ano ang naging epekto sa buhay ni Adong nina Bruno, Aling Ebeng, at ng Maynila? Paano nakaapekto ang mga ito sa kaniyang buhay? Talakayin.
    - Ano-anong bagay ang nais takasan ni Adong sa kaniyang buhay? Bakit?
    - Kung ikaw si Adong, gagawin mo rin ba ang kaniyang ginawang pagtakas kay Bruno? Ipaliwanag ang sagot.

*(Gabay ng Guro sa Baitang 7, Linggo 12)*

Makikita sa listahan ng mga tanong na, bagama't nagsimula sa paglalarawan ng kalagayan ng tauhan sa kuwento at sa paghingi ng palagay at pagsusuri ng mag-aaral kaugnay ng ibang detalye, naianggulo na agad ang isang mahalagang detalye ng akda. Pansinin ang gamit ng salitang *takasan* at *pagtakas* sa dalawang huling tanong. Sa ganitong paggamit ng salita, ipinapahiwatig na ang pagtakbo ni Adong ay isang pagtakas at hindi isang desisyong bunga ng paggiit o paglaban.

Maaaring basahin na pagtakas ang ginawa ni Adong kung kikilanin ang kaniyang kahinaan at kawalang-kakayahang baguhin ang kaniyang buhay. Ang pagtakas ay ginagawa ng isang tao kapag nararanas niya ang isang sitwasyong hindi niya kayang harapin—maaaring dahil masyadong malakas ang pwersang pumipigil o humaharang sa kaniya o kaya naman ay hindi sapat ang kaniyang lakas upang tapatan ito.

Sa isang paimbabaw na pagbasa, maaaring sabihing tinakasan nga ni Adong si Bruno. Ngunit mahalagang balikan ang ilang linya sa kuwento upang masuri nang mas malalim ang kaniyang kilos.

> Napadukot siya sa kaniyang bulsa. Dinama niya ang mga barya roon. Malamig. At ang lamig na iyon ay waring dugong biglang umagos sa kaniyang mga ugat. Ngunit ang lamig na iyon ay hindi nakasapat upang ang apoy na nararamdaman niya kangina pa ay mamatay. Mahigpit niyang kinulong sa kaniyang palad ang mga baryang napaglimusan.
> *(Kagamitan ng Mag-aaral Baitang 7, 2014: 35)*

Sa paglalarawan ng nararamdaman ni Adong, makikita ang tunggalian sa pagitan ng takot at ng kagustuhang magpumiglas. Sa huli, nangibabaw ang apoy ng paglaban na unti-unting nagliyab sa kaniyang loob. Ang pagkuyom niya ng palad para ikubli ang baryang hawak ay maaaring maituring bilang imahen ng paglaban. Mas lalong naging makabuluhan ang kilos na ito dahil sa pahayag ni Aling Ebeng: alam na ni Bruno na nandoon si Adong, at tiyak na sasaktan siya nito kung hindi siya magbibigay ng pera. Samakatuwid, batid ni Adong ang tiyak na kapalit ng desisyon—ang pananakit ni Bruno—ngunit pinili pa rin niyang tumanggi. Hindi tulad ni Aling Ebeng at ng iba pang nabubuhay sa takot, hinarap ni Adong ang kaniyang kinatatakutan. Kabaligtaran ito ng karuwagan, na madalas iugnay sa konsepto ng pagtakas.

Dagdag pa rito, bagaman umigting ang pagkaawa kay Adong dahil sa bigat ng damdaming dulot ng wakas ng kuwento, maaaring suriin na ang inaakalang pagtakas ay, sa katunayan isang anyo ng paglaya.

> Ngunit hindi na niya muling narinig ang basag na tinig. Naramdaman na lamang niya ang malupit na palad ni Bruno. Natulig siya. Nahilo. At pagkaraan ng ilang sandali, hindi na niya naramdaman ang kabangisan sa kapayapaang biglang kumandong sa kanya.
> *(Kagamitan ng Mag-aaral Baitang 7, 2014: 36)*

Kapansin-pansin ang paggamit sa linya ng tapatan ng mga salitang *kabangisan* at *kapayapaan.* Sa desisyong lumaban si Adong sa kabila ng kabangisan ng lungsod, nakamit niya ang tunay na kapayapaan. Sa gitna ng isang lipunang mapang-api sa mahihina, isinakatawan ni Adong ang isang batang may lakas ng loob na harapin ang kinatatakutan ng matatanda. Sa ganitong pagbasa, higit siyang kahanga-hanga kaysa kaawa-awa.

Kaugnay nito, masasalamin din ang ganitong tema sa wakas ng kuwentong *"Nemo, ang Batang Papel."* Si Nemo, isang batang dating papel na naging tunay na bata dahil sa isang hiling, na agad naharap sa mga realidad ng kahirapan na higit pa sa responsibilidad ng isang bata. Kinailangan niyang magtrabaho upang makatulong sa pamilya, at sa proseso ay nasaksihan niya ang laganap na paglabag sa karapatan ng mga bata—kinailangang maghanapbuhay dahil sa kahirapan. Sa huli, kasama ng iba pang batang kagaya niya, muling hiniling ni Nemo na maging papel.

> Nagtaka ang mga taong nakakita sa palutang-lutang na mga batang papel. Marami ang naawa sa kanila. Pero ang hindi nila alam, mas maligaya na ngayon ang mga batang papel, gaya ni Nemo, kaysa mga totoong bata na kailangang makibaka at mabuhay sa malupit na kalsada.
> *(Kagamitan ng Mag-aaral Baitang 7, 2014: 32-33)*

Makikita sa sipi na ang tila pagtakas sa realidad ay hindi simpleng pag-iwas, kundi isang mas malalim na anyo ng pagkilala sa tunay na esensiya ng pagiging buhay. Ipinakita sa kuwento na mas maligaya pa ang mga batang papel kaysa sa mga totoong batang nasa lansangan—mga batang pinatawan ng bigat ng responsibilidad na hindi angkop sa kanilang murang edad. Sa murang kamalayan, naunawaan nina Nemo na hindi makatarungan ang sistemang nag-aalis sa kanila ng kabataan at dignidad. Idiniin ng akda na ang tunay na kaawa-awa ay hindi ang batang papel, kundi ang realidad na ipinapasan ng mga totoong bata—isang uri ng buhay na, sa sobrang kahirapan, ay halos hindi na maituturing na buhay.

### *Ang Bayang Nalulugmok sa Malaking Agwat ng Ugnayang Pangkapangyarihan*

Natalakay sa naunang bahagi ang lapit ng pagtukoy sa suliranin sa mga akdang pampanitikan, na kadalasang humuhubog ng kamalayang Pilipino laban sa kapwa Pilipino. Kaugnay nito ang solusyon na matuto ng mabuting asal para maitama ang mga maling gawi. Ngunit sa ganitong lohika, sino ang Pilipinong kalaban ng kapwa Pilipino? At sino ang kinakailangang magbago?

Napakapamilyar ng estratehiyang "hatiin upang lupigin" na ginamit ng mga mananakop upang mapanatili ang dominasyon sa mga Pilipino. Kasabay nito ang paglikha ng imaheng ang mga Pilipino ay di-sibilisado, para masuportahan ang layunin na masakop.

Sa pag-alis ng pisikal na presensiya ng mga dayuhan, sino ngayon ang nakikinabang sa patuloy na pag-iral ng ganitong kamalayan?

Ang kasagutan: ang pinagsamang interes ng dayuhan at ng naghaharing-uri—nakaluklok sa itaas, ligtas at protektado, habang ang masang Pilipino ay patuloy na nagbabanggaan sa ibaba. Ang di-pantay na pagtingin sa kasarian, sa mga pangkat etniko, at sa kabataan ang nagpapanatili ng pagkakawatak-watak ng bayan.

Sa halip na kolektibong pagsulong, ang ipinupunlang mithiin sa mamamayan ay ang makaangat sa hirarkiyang panlipunan: mula sa layuning makaluwas sa lungsod, makapasok sa sentro, hanggang sa makalipad sa Amerika. Sa ganitong balangkas, bihira ang nagnanais baguhin ang sistemang mapang-api. Karamihan ay nagnanais lamang takasan ito.Hindi tulad nina Adong o Nemo, ang layon ng karamihan sa mga Pilipino ay takasan ang kinalulugmukan at makarating sa antas na nakararanas ng pribilehiyo. Bihira ang naghahangad na mabago ang umiiral na sistema. Ang pagkahabag sa mga tauhang nakararanas ng pait ng kahirapan ay madalas na nananatili sa damdamin lamang. Iilan lamang ang handang isakripisyo ang kanilang mga

pribilehiyo upang isulong ang pagbabagong panlipunan na babasag sa di-makatwirang agwat sa ugnayang pangkapangyarihan.

Sa sistema ng edukasyon, makikita kung paanong unti-unting lumalabo ang kamulatan sa ng mga mag-aaral sa mga nangyayari sa bayan. Habang nahahasa silang tukuyin ang mga suliranin, patuloy namang humihina ang kanilang pag-unawa sa mga ugat o sanhi ng mga ito. Dahil dito, nagiging hindi makatotohanan ang kanilang mga tugon. Madalas, sinasagot lamang nila ang inaasahang sagot para makakuha ng mataas na puntos, ngunit ibang usapin ang aktuwal na pagsasabuhay ng mga aralin—lalo na kung, sa maraming pagkakataon, tila imposibleng isabuhay ang mga ito.

### *Ang Kaluluwa ng Bayan na Hindi Makapanahan*

Sa patuloy na pag-iral ng malaking agwat sa ugnayang pangkapangyarihan, patuloy na hindi mapapanatag ang kaluluwa ng bayan. Lagi itong nabubulabog sa tunggalian ng mga pwersa. Mahirap makamit ang tunay na pagkilala at pakikibahagi sa kultura ng iba't ibang pangkat kung nakikita nilang ituturing ang isa't isa bilang mga katunggali.

Dagdag pa rito, habang inilalarawan ang lungsod na mabangis at malupit, ang mga nayon at kabundukan naman ay madalas inilalarawan na tila nalipasan na ng panahon. Kapansin-pansin din ito sa bihirang paggamit ng kontemporanyong akdang mula sa panitikang rehiyonal. Batay sa distribusyon sa modyul, madalas iniuugnay ang panitikang rehiyonal sa panitikang oral, gaya ng alamat, nailang ulit ginamit bilang teksto. Ang labis na paggamit ng panitikang oral ay maaaring dulot pa rin ng kakulangan sa pondo, na nagreresulta sa kawalan ng sapat na pagsasanay para sa mga guro at manunulat ng teksbuk, gayundin sa kakulangan ng pananaliksik, materyales, at sanggunian. Bagaman mahalaga ang papel ng panitikang oral sa kasaysayang pampanitikan ng mga rehiyon, kinakailangang magkaroon ng balanse sa pagpapakilala ng iba pang anyo ng panitikan—maging yaong umiiral noon at umiiral sa kasalukuyan. Mahalaga ang pagtalima sa anyo, panahon at kaligiran ng akdang rehiyonal upang maipakilala ang bayan sa isang partikular na yugto ng kasaysayan.

Sa kabuoang imahen ng bayan na inilalarawan sa modyul ng Grado 7, kapansin-pansin ang pagkawala ng esensiya ng panitikang rehiyonal. Halos hindi na matukoy ang anomang bakas ng rehiyon sa mga akda. Bukod dito, nangingibabaw ang mga lapit sa pagbasa ng teksto na nagdudulot sa negatibong pagtingin sa mga pangkat etniko at sa mga rehiyon sa labas ng sentro.

## Sanggunian

Modyul at Kurikulum

*Kurikulum ng K to 12 sa Filipino.(2016).* Kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas.

*Panitikang Filipino 7: Kagamitan ng Mag-aaral*. (2014). Kagawaran ng Edukasyon.

*Panitikang Filipino 7: Gabay ng Guro.* (2014). Kagawaran ng Edukasyon.

Mga Aklat

Alunan, M. M. (2015). *Sa atong dila: Introduction to Visayan literature.* University of the Philippines Press

Bagulaya, J. (2006). *Writing literary history: Mode of economic production and twentieth century Waray poetry.* University of the Philippines Press.

Barbaza, R. (2017) *An orosipon kan Bikolnon: Interrupting the Philippine nation.* University of the Philippines Press.

Eugenio, D. (2001). *Philippine folk literature: The epics* (Vol. VIII). University of the Philippines Press.

Galam, R. (2008). *The promise of the nation: Gender, history, and nationalism in contemporary Ilokano literature.* Ateneo de Manila University Press.

Hidalgo, J. Jr., (1986). Saksi ti kaunggan, Part 1. *Bannawag, 3*, 19–25.

Hosillos, L. (2006). *Interactive vernacular↔national literature: Magdalena G. Jalandoni's Juanita Cruz as constituent of Filipino national literature.* University of the Philippines Press.

Hugan-an, & Jocano, F. (2000). *Hinilawod: Adventures of Humadapnon.* PUNLAD Research House.

Lucero, R. C. (2007). *Ang bayan sa labas ng Maynila.* Ateneo University Press.

Lucero, R. C. (1996). *Dulaang Hiligaynon.* Ateneo de Manila University Press.

Lumbera, B., & Nograles-Lumbera, C. (1997). *Philippine literature: A history and anthology.* Anvil Publishing.

Lumbera, B. (Ed). (2001) *Filipinos writing: Philippine literature from the regions.* Anvil Publishing.

Lumbera, B. (1997). *Revaluation 1997: Essays on Philippine literature, cinema, and popular culture.* University of Santo Tomas Publishing House.

Lumbera, B. (2017). *Suri: Pag-arok sa likhang-panitik/ Probing the literary text.* University of the Philippines Press.

Mojares, R. (1983). *Origins and rise of the Filipino novel: A generic study of the novel until 1940.* University of the Philippines Press.

Nelmida, M. & Vidal, L. (1996) *Maikling kuwentong Kapampangan at Pangasinan.* Ateneo de Manila University Press.

Ong, Walter. (2002) *Orality and Literacy.* Routledge**.**

Pagusara, Don. (1997) *Dulaang Cebuano.* Ateneo de Manila University Press.

Impormasyong Online.

Cultural Center of the Philippines. (n.d.). Peoples of the Philippines. https://epa.culturalcenter.gov.ph/1/

Cultural Center of the Philippines. (n.d.). Literature. https://epa.culturalcenter.gov.ph/9/

Philippine Statistics Authority. (2021). Three in Every Four Persons Aged 5-24 Years Are Currently Attending School. https://psa.gov.ph/content/three-every-four-persons-aged-5-24-years-are-currently-attending-school-2020-census

# Apendiks

Obserbasyon at Tuon ng Gawain at Tanong Ukol sa Teksto

| Linggo | Pamagat ng Teksto | Mga Tala sa Gawain at Tanong | Tuon |
|---|---|---|---|
| YUNIT 1 | | | |
| 1 | Batang-Bata Ka Pa | Inilatag ang mga tanong sa talakayan mula sa pagtukoy ng mga detalye, pagbuo ng posisyon at palagay, hanggang sa pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na ipahayag kung may nais silang baguhin sa akda. | Pagtingin sa/ng bata at ang inaasahang pagbabago mula sa pagkabata. |
| 2 | Ang Sundalong Patpat | Malaking bahagi ng gawain ay ukol sa mga detalye at pagkakasunod-sunod ng pangyayari sa kuwento. Ang ilang mga tanong ukol sa sariling palagay hinggil sa mga pangyayari sa kuwento at sa paglalarawan ng mga simbolo ay bahagi ng pabubuo ng hinuha na nakabatay sa teksto. | Pagharap sa takot. |
| 3 | Isang Dosenang Klase ng High School Students [sipi mula sa ABNKKBSNPLAko] | Inilapat ang teksto sa danas ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paghahati ng klase batay sa mga kategorya ng estudyante na inilarawan sa akda. | Pag-iral ng *stereotypes.* |
| 4 | Sandaang Damit | Ipinalarawan ang transpormasyon ng pangunahing tauhan at ang pagbabago ng pagtingin sa kaniya batay sa banghay ng kuwento.<br>Itinampok ang pagsasadula ng iba't ibang uri ng diskriminasyon sa lipunan. | Pag-iral ng diskriminasyon. |
| 5 | Kung Bakit Umuulan | Ipinalarawan ang relasyon ng pangunahing tauhan at ang kanilang mga inaasahan sa isa't isa. Batay rito, ipinatataya sa mga mag-aaral ang makatarungang kilos. | Pagtugon at pagtataya sa mga inaasahang batay sa kasarian. |
| 6 | Alamat ni Tungkung Langit | Ipinagtapat ang dalawang bersiyon ng alamat upang paghambingin at tukuyin ang epekto ng mga pagbabago sa ikalawang bersiyon. | Limitasyon batay sa kasarian. |
| 7 | Salamin | Walang malinaw na tunguhin ang mga tanong sa *Pagpapayaman*:<br>Halimbawa:<br>• Ano ang pagkakaintindi sa saknong?<br>• Ano ang mahahalagang salita<br>• Bakit ito ang napili?<br>Hinimay ang mga saknong sa pamamagitan ng pagpili ng partikular na mga detalye at pagtatanong kung ano ang kahulugan ng mga ito. | Pagbabago sa sarili. |

# Apendiks

Obserbasyon at Tuon ng Gawain at Tanong Ukol sa Teksto

| Linggo | Pamagat ng Teksto | Mga Tala sa Gawain at Tanong | Tuon |
|---|---|---|---|
| 8 | Ang Pintor | Ipinaguhit ang nabubuong larawan ng mga saknong. Ang Pagpapalawig ay nakatuon sa mga detalye na nakasaad sa tula, patungo sa tanong ukol sa sariling talento ng mag-aaral. | Paggamit ng talento. |
| 9-10 | Impeng Negro | Nagsimula ang talakayan sa mga detalye ng mga elemento ng kuwento tulad ng banghay, tagpuan at tauhan. Itinampok din sa talakayan ang usapin ng rasismo. | Pag-iral ng rasismo. |
| YUNIT II | | | |
| 11 | Ang Ambahan ni Ambo | Malaking bahagi ng talakayan ang nakatuon sa mga detalye ng mga elemento ng kuwento. Nagtalakay rin tungkol sa anyo ng ambahan gamit ang halimbawa ng ambahan na nakapaloob sa kuwento. | Pagpapalawak ng kaalaman sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng karanasan. |
| 12 | Nemo, ang Batang Papel | Malaking bahagi ng mga tanong ay ukol sa mga detalye ng akda. Sa bahagi ng *Pagpapalawig*, tinalakay ang ang iba't ibang mukha ng kahirapan. Napag-usapan din ang anyo ng akda at ang paraan ng pagtawid ng paksang kahirapan. Tinapos ang aralin sa pagsusuri at pagsulat ng sariling wakas ng kuwento. | Paglalahad ng mabibigat na paksa sa paraang angkop sa batang mambabasa. |
| 13 | Mabangis na Lungsod | Nakatuon sa pagtalakay sa tauhan ang mga inilatag na tanong ukol sa mga detalye ng teksto. Kapansin-pansin ang tanong na:<br>*Ano ang nais takasan ni Adong sa kaniyang buhay?*<br>Mapapansin ang paggamit ng salitang *'takas'* upang ilarawan ang aksiyong ginawa ng pangunahing tauhan, bagama't hindi ito tahasang binanggit sa teksto. Isinara ng talakayan ang pagpabibigay-kahulugan sa kilos ng tauhan bilang pagtakas, bagama't maaari rin itong tingnan bilang pag-pumiglas, pag-aklas, paglaya, at iba pa. | Kahirapan, partikular sa danas ng bata. |

# Apendiks

Obserbasyon at Tuon ng Gawain at Tanong Ukol sa Teksto

| Linggo | Pamagat ng Teksto | Mga Tala sa Gawain at Tanong | Tuon |
|---|---|---|---|
| 14 | Ang Alamat ng Darang Magayon | Sinimulan ang talakayan sa pag-alala ng mga detalye at pangyayari sa kuwento. Sa tanong ukol sa katwiran ng kilos ng tauhan, lantad ang inaasahang sagot batay sa mga detalye ng kuwento at hindi na kinakailangan ng pagsusuri mula sa mag-aaral.<br><br>Halimbawa:<br>"Makatwiran ba ang naging reaksiyon ni Pagtuga sa pagpapakasal ni Magayon?" —Ang naging reaksiyon ni Pagtuga ay ang pagdakip kay Magayon.<br><br>May tendesiya ng paggiya sa inaasahang interepretasyon ng detalye sa akda. Ang pagbasang ito ay higit na nakabatay sa palagay o pananaw ng gumawa ng modyul o guro, sa halip sa aktuwal na nilalaman ng teksto.<br><br>Halimbawa:<br>"Bakit kaya kinailangang maging masaklap ang alamat na ito?"<br>"Posible bang maging masaya ang alamat ng isang bulkan?<br><br>Makikita sa tanong ang pagbasa ng gumawa ng modyul sa akda batay sa naramdaman niyang pagiging 'masaklap' nito, at ang pag-uugnay niya nito sa katangian ng 'bulkan'. | Pag-uugnay ng alamat sa 'karaniwang' pananaw sa mga bagay na pinapaksa nito. |
| 15 | Kay Mariang Makiling | Itinampok sa talakayan ang mga laro sa salita, gaya ng pag-uulit at pag-gamit ng magkakatulad na salita na may magkakaibang kahulugan sa bawat linya. Iniugnay din ang tula sa buod ng bersiyon ni Rizal ng *Alamat ni Mariang Makiling*.<br><br>Nanatili ang ilang pag-aakala (assumption) ng modyul, gaya ng pagtingin ng persona sa kaniyang inilalahad na karanasan bilang isang 'suliranin', gayong maaari naman itong basahin ng iba pang paraan o pananaw. | Pagkaulila. |

# Apendiks

Obserbasyon at Tuon ng Gawain at Tanong Ukol sa Teksto

| Linggo | Pamagat ng Teksto | Mga Tala sa Gawain at Tanong | Tuon |
|---|---|---|---|
| 16 | Ang mga Duwende | Ipinalarawan ang anyo, katangian, at mga gawain ng duwende. Ipinag-ugnay ang isang balita ukol sa sunog sa kuwento, na sinasabing sanhi raw ng duwende. Ipinagtapat ang katotohanan sa pamahiin o paniniwala sa mga kuwentong kababalaghan, ngunit sa huli ay nagpasulat ng isang balita na may halong kababalaghan. | Pagkilala sa totoong pangyayari at kababalaghan. |
| 17 | Trese Isyu 5 | Inilatag sa mga tanong ang mga detalye kaugnay ng mga elemento ng maikling kuwento.<br>Ipinagkumpara rin ang ginamit na paglalarawan sa akda ng mga 'kakaibang nilalang' na iba sa karaniwang pagkakakilala sa mga ito. | Pagsasanib ng sinaunang paniniwala o kaalaman sa kontemporanyong anyo at kuwento. |
| 18 | Alamat ng Waling- Waling | Nakagiya ang mga tanong sa pagtalakay sa papel at mga gawain ng mga lalaki at babae. | Pagrespeto sa bawat kasarian. |
| 19-20 | Mga Alamat [sipi mula *El Filibusterismo]* | Ang bahaging nakasipi sa teksto ay ang pagtatanong sa Kapitan ukol sa pagkamatay ni Ibarra, at hindi isinama ang bahagi ng iba't ibang alamat tungkol sa ilog. Bagama't ito ang napiling sipi, ang tuon ng mga tanong ay nasa anyo at katangian ng alamat, at hindi sa nilalaman ng teksto. | Pag-unawa at pagsulat ng sariling Alamat. |
| | * Napagawi Ako sa Mababang Paaralan | Malaking bahagi ng mga tanong sa talakayan ay nakatuon sa mga detalye. Maging ang mga tanong na 'bakit' ay nakabatay pa rin sa mga dahilan na tahasang binanggit sa teksto. | Hindi pagkakapantay-pantay ng mga propesyon o trabaho at kabuhayan. |
| | *Paglisan sa Tsina | Nakagiya ang mga tanong sa pagtalakay ng mga konseptong may kaugnayan sa ugnayan ng Pilipinas sa ibang bansa gaya ng OFW, migrasyon, imigrasyon, expat, Tsinoy, Fil-Am, at iba pa. | Pagbuo ng sanaysay batay sa sariling karanasan. |

# Apendiks

Obserbasyon at Tuon ng Gawain at Tanong Ukol sa Teksto

| Linggo | Pamagat ng Teksto | Mga Tala sa Gawain at Tanong | Tuon |
|---|---|---|---|
| YUNIT III | | | |
| 21 | Pimple<br>Braces<br>The Gwapings | Sinimulan ang mga tanong sa mga detalyeng gaya ng tauhan, tagpuan, at paliwanag sa pamagat. Nakagiya rin ang mga tanong sa mga isyung pan-lipunan. Partikular na binanggit para sa kuwentong "Braces" ang pagtingin dito bilang simbolo ng maykaya, pamporma, pagiging 'in', status symbol, at ang pananaw ng mga Pilipino hinggil dito. | Pagtingin sa mga Pilipino:<br>• *Pimple* – pagiging metikuluso ng mga Pilipino sa katawan at mukha.<br>• *Braces* – pagiging maporma.<br>• *The Gwapings* – pagiging reaksyonaryo. |
| 22 | Tutubi, Tutubi, 'Wag Kang Magpapahuli sa Mamang Salbahe<br>[sipi ng isang bahagi] | Nakagiya ang mga tanong sa paglalapat sa ng konsepto ng kalayaan sa sariling karanasan ng mag-aaral, partikular sa mga usapin tulad ng pagiging istrikto ng magulang, guro, at gobyerno, pati na rin sa pangangailangan sa mga tuntunin. | Pagsasakatupran ng kalayaan. |
| 23 | Taglish: Hanggang Saan? | Inilatag ang mga tanong ukol sa halaga ng wika sa tao at bansa. Nagtuloy ito sa pagtalakay ng isang pangungusap na isinalin sa limang wika sa Pilipinas. Nagtapos ang mga gawain sa pagsagot kung paano maibabahagi ng mag-aaral ang paggamit ng wikang Filipino. | Pag-uugnay ng wika at identidad. |
| 24 | Ang Kapangyarihan ng Wika, Ang Wika ng Kapangyarihan | Nakatuon ang mga unang bahagi ng talakayan sa ilang piling talata na nag-tatampok ng umiiral na pagtingin sa wikang Ingles. Nagkaroon din ng debate ukol sa pagtatanggal ng Ingles bilang opisyal na wika. | Pagtingin sa wika at kapangyarihan. |
| 25 | Pandesal<br>[mula sa *101 Filipino Icons]* | Nakatuon ang talakayan at gawain sa anyong pampanitikang di-katha. Walang tuwirang gawain na nagsusuri sa nilalaman ng teksto. | Ang di-katha bilang anyong pampanitikan ay "hindi maaaring maapektuhan ng imahinasyon ng manunulat." |
| 26 | Pork Empanada [mula sa *Eros, Thanatos Cubao]* | Nakagiya ang mga tanong sa pag-tataya ng mga mag-aaral kung masaya at makatwiran ba ang naging wakas ng akda. Sa paglalapat sa tunay na buhay, naglatag ng talakay ukol sa pagkokondisyon ng pagtingin sa mga bagay na pangmahirap at pangmayaman upang maidiin ang katwiran sa mga pagtingin na ito. Ang punto ng repleksiyon ay maigiit na hindi makatwirang panatilihin ang sarili sa pagiging mahirap. | Pagtalakay sa kahirapan bilang karanasan. |

# Apendiks

Obserbasyon at Tuon ng Gawain at Tanong Ukol sa Teksto

| Linggo | Pamagat ng Teksto | Mga Tala sa Gawain at Tanong | Tuon |
|---|---|---|---|
| 27-28 | Ibong Adarna [sipi ng bahagi] | Nakagiya ang talakayan at gawain mula sa konteksto ng anyo ng korido patungo sa katangian ng tugmaan. Ang tanging talakay sa nilalaman ng partikular na teksto ay ang paghahambing ng mga tauhan. | Pagtalakay sa anyo ng korido at mga pamamaraan ng tugmaan. |
| 29 | Magkabilaan | Nagtalakay ng mga piling linya ukol sa pagkakaroon ng dalawang mukha ng katotohahan. Ang mga tanong ay nagtampok ng mga kahulugang nabubuo sa ilang bahagi ng teksto, bagama't walang tiyak na ginagabayang mensahe sa kabuoan. Nagtapos ang aralin sa isang gawain na pagsulat ukol sa pagmamahal sa bayan. | Pagtalakay sa pagkakapantay-pantay, kahalagahan ng pagkakaroon ng panig, at epekto ng pananatili sa gitna. |
| 30 | Nang Maging Mendiola Ko ang Internet dahil kay Mama | Nakatuon ang talakay at mga gawain sa uri ng teksto at sa pagbuo ng sariling blog ukol sa napapanahong isyu. | Pagtampok sa wastong paggamit ng social media. |
| YUNIT IV | | | |
| 31 | Hari ng Tondo | Nakatutok ang talakayan sa pag-uugnay ng teksto sa realidad. Itinampok ang kalagayan sa mga lugar tulad ng Tondo, kung saan ang mga mahihirap ay napipilitang kumapit sa patalim. | Paglalarawan sa realidad ng kahirapan na kinasasangkutan ng pang-aabuso, paghahari-harian ng iilan, desperasyon, at pagtataksil. |
| 32 | Ampalaya (Ang Pilipinas 50 Taon Makatapos ng Bagong Milenyo) [sipi ng bahagi ng sanaysay] | Nakalatag ang mga tanong sa pagtalakay ng iba't ibang bahagi ng sipi ng sanaysay. Ang nakasiping teksto ay bahagi lamang ng mas mahabang sanaysay, at pinagtuonan ng pansin sa talakayan ang mga bahagi na nakatuon sa kalagayan ng pamilya sa nayon/ rural, iba't ibang perspektibo ukol sa kahirapan, at ang mensahe at ugnayan ng siniping pahayag ni Rizal sa simula ng akda. | Paglalarawan sa kinabukasang kung saan nananatili ang hindi nagbabagong kalagayan ng mahihirap na nayon. |
| 33-34 | Nagsimula sa Panahon ng Yelo [sipi mula sa nobelang *Ang Sandali ng mga Mata*] | Mula sa mga tanong ukol sa mga detalye ng kuwento, partikular sa mga danas ng tauhan, nakagiya ang talakayan ng ugnayan ng mga Pilipino at Amerikano. | Pagtatampok sa mga kahinaan, o mga itinuturing na kahinaan, ng mga Pilipino tulad ng hindi mabubuting gawi sa kapwa at ang mataas na turing at pagtingin sa mga dayuhan. |

# Apendiks

Obserbasyon at Tuon ng Gawain at Tanong Ukol sa Teksto

| Linggo | Pamagat ng Teksto | Mga Tala sa Gawain at Tanong | Tuon |
|---|---|---|---|
| 35 | Bagong Bayani | Tinalakay sa mga tanong ang paksa ukol sa mga OFW, mula sa konteksto ng kuwento patungo sa mga kasalukuyang isyung kaugnay nito, gaya ng mga panganib ng pangingibang-bayan, kalagayan ng mga pamilyang naiiwan, brain drain, at ang patuloy na kahirapan at kakulangan ng trabaho sa Pilipinas. | Pangangatwiran kung maituturing na mga bayani ang mga OFW. |
| 36 | Bayan ko: Laban o Bawi | Nagsimula ang gawain sa pagtalakay ng mga dahilan ng pangingibang-bayan ng mga Pilipino at itinampok ang mga bagay na kailangang baguhin sa bansa. Sa dulong bahagi, ipinahanap naman ang mabubuting balita na maaaring magtatampok ng mga dahilan upang manatili sa Pilipinas. | Pagpili na manatili sa bansa sa kabila ng mga hamon. |
| 37 | Pulangi: Ang Ilog na Humubog sa Maraming Henerasyon [mula sa Regional Profiles: People and Places] | Tinalakay ang anyo ng di-katha bilang paghahanda sa gawaing pagsulat ng sariling sanaysay ukol sa anyong lupa o anyong tubig. Gayunman, walang pagtalakay sa nilalaman ng mismong teksto. | Pagtuon sa anyo ng teksto bilang isang di-kathang akda. |
| 38 | Obra | Ang mga tanong sa talakayan ay nakatuon sa teksto, partikular sa mga katangian ng mga tauhan. Inilapat ang kahulugan ng teksto sa pamamagitan ng pagtuon sa mga maaaring humahadlang sa pagtupad ng sariling mga pangarap ng mga mag-aaral. Nagkaroon din ng gawain na nag-uugnay sa mismong obrang *Spoliarium*. | Pagmumuni ukol sa mga paraan kung paano maipagmamalaki ng bayan. |
| 39 | Bertdey ni Guido [dula na halaw sa kuwentong pambata] | Nagsimula ang talakayan sa mga tanong ukol sa kalagayan ng tauhan noong panahon ng EDSA, hanggang sa pagtalakay ng mga panlipunang implikasyon nito. | Pagtuon sa konsepto ng kalayaan. |

## Tungkol sa Awtor

Si **Anna Cristina G. Nadora** ay isang guro sa Filipino sa UP Integrated School (UPIS) na nagtuturo sa iba't ibang antas mula elementarya, junior high school, hanggang senior high school. Kabilang sa kaniyang mga pangunahing larangan ng pagtutok ang malikhaing pagsulat, panunuring pampanitikan, at pagsasaling pampanitikan. Nakatuon ng kaniyang pananaliksik ang Araling Panitikan sa Basic Education. Ang kaniyang disertasyon ay ang "Pagtulay at Pagtuloy ng Bayan: Makabayang Lapit sa Araling Panitikan sa Junior High School."

Natapos niya ang kaniyang PhD digri sa programang Panitikan ng Pilipinas sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, University of the Philippines, Diliman. Sa parehong institusyon, natapos din niya ang digri sa Master sa Araling Pilipino na may interdisiplinaryong tuon sa Panitikan at Sosyolohiya. Natapos din niya ang kaniyang BA Araling Pilipino na may interdisiplinaryong pokus sa Malikhaing Pagsulat at Journalism.

Ang mga tanong hinggil sa artikulong ito ay maaaring ipadala kay Anna Cristina G. Nadora
sa *agnadora@up.edu.ph*.